



Tagalog Online Pocketbook
The leading source of online pinoy stories

Be Your Everything

by Sharmyn

Unang Pag-Imprenta, 2014

Karapatang Pag-aari © 2008-2014, Tagalog Online Pocketbook

Lahat ng karapatan ay reserbado. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, sa anumang anyo o paraan ng walang pahintulot sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa amin.

Ang ebook na ito ay obra ng mga manunulat na nagsulat nito. Ang Tagalog Online Pocketbook ay hindi ginarantiya ang kawastuhan ng mga bawat nakasulat dito at hindi tumatanggap ng anumang panagutan para sa anumang resulta ng paggamit nito.

Kung may pagkakahalintulad man sa pangalan, lugar, bagay, pangyayari o anuman sa tunay na buhay ay pahindi ito sinasadya dahil ang mga ito ay pawang kathang isip lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, alamin ang mga sumusunod na detalye sa ibaba.

- Website <http://www.tagalogonlinepocketbook.com>
- Email support@tagalogonlinepocketbook.com
- Facebook <http://facebook.com/tagalogonlinepocketbook>
- Join Us <http://facebook.com/groups/tagalogonlinepocketbook>
- Like Us <http://facebook.com/topreader>
- Follow Us <http://twitter.com/topocketbook>

Tinakasan ng Kuya Raffy ni Cedric ang nakatakdang kasal nito kay Samantha at siya, bilang blacksheep ng pamilya, ang napag-utusan ng hindi niya makasundong ama na hanapin ito.

Gayon na lamang ang kagustuhan niyang mahanap ito para makabalik na siya ng Amerika dahil mas tahimik ang buhay niya doon.

Ngunit paano niya gagawin iyon kung may isang Irene na humahadlang sa pagkakatunton niya sa kapatid?

At si Irene, paniniwalaan ba niya si Cedric na mabuti ang intensiyon nito?

Chapter One

NAPASULYAP sa suot na relo si Ziggy habang prenteng nakaupo katabi si Ceddie sa pinakaunang upuan sa loob ng simbahan, both of them in their fine tuxedo.

"Hindi na dadating 'yon," walang anumang sabi pa nito, insensitive of the tension in the atmosphere.

Matalim ang tinging sumulyap sa direksyon nila ang ina ni Samantha na si Minerva Azarcon.

"Mom, tell me padating na si Raffy!" naiiyak na sabi ng bride na si Samantha.

"Don't worry, Sam, we're all doing our best para ma-contact siya. Please don't cry or masisira ang make up mo."

Ang mga tao sa loob ng simbahan ay nagsimula nang magbulungan.

"Kapag hindi dumating ang panganay na Montreal tiyak na malaking kahihyan ito."

"Oo nga. Pero ang balita ko napikot lang naman 'yong Rafael kaya napilitang magpakasal."

Si Raffy ang hinihintay nila wala nang iba pero duda sina Ziggy at Ceddie kung dadating pa ito. Totoo ang bulungan ng mga ito. It was an arranged marriage. Samantha's pregnant at si Raffy ang itinuturo nitong ama ng ipinagbubuntis nito kaya nangyari ang sapilitang kasalang iyon.

"Ano, Amanda? Nasaan na ang magaling mong anak?!" galit na tanong ni Antonio Montreal sa maybahay nito na hindi naman mapakali sa pagdial sa cellphone nito.

"Huminahon ka, Antonio, hindi ka nakakatulong!"

"Kapag hindi siya dumating malalagay sa malaking kahihyan ang pamilya natin!"

"Sana inisip mo muna 'yon bago mo siya ipinasok sa ganitong sitwasyon!"

"Kailangan niyang managot sa ginawa niya!"

"Kung may ginawa nga siya, Antonio. Dapat alam mo 'yon kasi anak mo siya!"

"Antonio!" si Lucio Azarcon na galit na galit. "Dadating ba siya o hindi?!"

"We're doing everything we can para ma-contact namin siya, Lucio. Give us time!"

"Nauubos na ang pasensiya ko, Antonio. Kapag hindi sumipot ang anak mo, sinisigurado ko sa'yo ipapahanap ko siya kahit saang butas man siya magtago at papatayin ko siya!"

"Boss," anang dalawang body guard na pahangos na pumasok sa loob ng simbahan.

Kapansin-pansin ang mga pasa sa mukha ng mga ito.

"Ano, dala niyo ba siya? Nasaan na siya?"

"Hindi ho, Boss. Natakasan ho kami,eh."

"Ano?! Dadalawa na nga kayo tapos natakasan pa kayo ng isang tao lang?!"

"Eh nalaban ho,eh."

"Mga walang silbi!" galit na singhal pa ng mga ito at muling binalingan si Antonio. "Nakita mo nang ginawa ng anak mo?"

"Look, Lucio, aayusin namin ang gulong 'to. Give us time at mahahanap din namin si Raffy."

"No!" sigaw ni Samantha at tuluyan na itong nawalan ng malay.

Mabilis naman itong dinaluhan ng mga magulang nito.

"Sabi sa'yo,eh," sabi naman ni Ziggy at sabay pa silang napatayo ni Ceddie.

"Hindi rin."

"Sa'n mo gustong tumambay?"

"Sa gallery ko?"

"Sama 'ko."

"IRENE, ang Kuya Raffy mo 'to."

"Kuya!" anas ni Irene at napatayo sa mesa niya.

"Kailangan na kailangan ko ng tulong mo ngayon, Irene. Wala na 'kong ibang matakbuhan."

Napahigpit ang hawak niya sa cellphone.

"Nasa'n ka, Kuya?"

May masama kayang nangyari? Ang alam niya, ngayon ang kasal nito kay Samantha. Iyon nga lang ay mas pinili niyang huwag na lang pumunta dahil masakit para sa kanya ang makita itong napilitang magpakasal sa taong hindi naman nito mahal.

Ang Ate Jasmine naman talaga niya ang mahal nito at inipit lang ito ni Samantha.

"Tumakas ako sa kasal namin ni Sam, Irene."

Napasinghap siya at pagkuwa'y mariing napapikit.

"Magkita tayo sa bahay at pakiusap, Kuya, mag-iingat ka."

Ngayon ay nahaharap sa malaking gulo ang Kuya Raffy niya at dapat niya itong tulungan.

"CEDDIE."

Agad sinalubong ng yakap si Cedric ni Amanda nang dumating na din siya sa mansiyon kung saan naghihintay ang mga magulang niya. May sasabihin daw itong importante. Malamang ay tungkol ito kay Raffy na dalawang araw na ay hindi pa rin mahanap.

Ang masama pa ay nasa headline ang eskandalong nangyari kaya pinagpipyestahan sila ng lahat.

"Hi, Mom," anang binata at hinalikan ang ina sa sentido. "How are you?"

"I'm so worried for Raffy and you."

"Why would you worry about me?"

"Magsabi ka nga ng totoo, Cedric. Alam mo ba kung nasaan ang Kuya mo?" si Antonio.

"How would I know?" malamig niyang sabi.

"Baka naman pinagtatakpan mo lang siya?"

"Wala akong alam sa sinasabi mo, Dad. At ano ba ang pakialam ko sa takbo ng utak ni Kuya? Siya ang nakakaalam sa buhay niya."

Naningkit ang mga mata ng ama niya.

"What else can I expect from you? Wala ka naman talagang pakialam sa pamilyang 'to dahil sarili mo lang ang iniisip mo!"

Nakuyom ni Cedric ang kamao.

"Look who's talking! Bakit kaya tayo napasok sa ganitong gulo, ha, Dad? Bakit kaya kailangang mapilitang magpakasal ni Kuya kay Samantha? Hindi ba dahil sa sarili mo lang din ang iniisip mo? Dahil mas importante pa ang sasabihin ng ibang tao kaysa sa pakinggan si Kuya Raffy na anak mo!"

"Cedric, stop it!" gulat na sabi ni Amanda."Hindi mo dapat sinasagot nang ganyan ang daddy mo."

"Bakit, Mom? Hindi ba totoo naman?"

"Shut up, Cedric! Nawawalan ka na ng galang!" galit na sabi ni Antonio at idinuro pa siya nito.

"Yon naman ang puno't dulo ng lahat ng 'to, 'di ba? Natatakot kayong masira ang pangalan niyo kaya kahit kaligayahan ng kapatid ko isinaalang-alang niyo! Ang problema naman dito kay Kuya masyadong mabait, masyadong huwaran at masunurin kaya tuloy pati 'yong kaisa-isang babaeng mahal niya nawala sa kanya!"

"Bawiin mo ang sinabi mo!"

"Antonio!"

Mabilis na humarang si Amanda nang susunggaban sana nito si Ceddie.

"Tumabi ka diyan, Amanda!"

"Tumigil ka na, Antonio! Sa tingin mo ba may mangyayaring maganda kapag sinaktan mo si Ceddie? Hindi ako papayag na tuluyang masira ang pamilya natin. Pakiusap naman huminahon kayo. Bakit ba hindi na lang tayo magtulungan dito?"

"I want you to find your brother, Cedric."

"What?" react ng binata.

"Hindi ka babalik ng Amerika. Dito ka muna at papayagan lang kitang umalis kapag nahanap mo na si Rafael," mariing sabi pa ng ama niya.

"You got to be kidding me, Dad! Bakit hindi ka na lang maghire ng magaling na detective para hanapin si Kuya? Tatal naman marami kang pera."

Siya, maghahanap sa tumakas niyang kapatid? Nababaliw na nga yata ang ama nila.

"Masyadong personal ang isyung ito para ipaubaya sa ibang tao. At bilisan mo dahil lagot ang Kuya mo kapag naunahan siya ng mga tauhan ni Lucio. No buts, Cedric. And that's an order," pagkasabi ay tumalikod na si Antonio.

Lalong nakuyom niya ang kamao. There's no way na matatakan pa niya ang gulong ito.

"Cedric, I'm so sorry. Sinubukan kong baguhin ang isip ng dad mo pero ayaw niyang makinig."

"It's okay, Mom," sabi naman ni Cedric na napabuntong-hininga. "Ibabalik ko si Kuya Raffy kahit ano'ng mangyari, ipinapangako ko 'yan sa'yo."

"**CEDRIC**, how's everything there? Sinabi sa'kin ni Tita Lorena ang nangyari. I'm so sorry about what happened to Raffy," si Thirty na nag-long distance call pa.

Pinsan nila si Thirty na naka-settle sa Amerika for twelve years.

"Hindi maganda, Thirty. Ako ang napag-utusang maghanap kay Kuya at wala akong choice."

"Oh," and he paused for a moment. "So hindi ka pala agad makakabalik dito?"

"Yes, Thirty, ganun na nga."

"If I were Raffy baka nga 'yon din ang gagawin ko. This is unimaginable pero kaya mo 'yan. I believe in you, Cedric."

"Thank you but honestly, hindi ko alam kung saan ako magsisimula. Wala ni isa man sa amin dito ang may idea kung saan siya pwedeng magtago."

"Come on, Cedric. Isa kang Montreal, walang imposible sa'yo."

"Kung sinasabi mo 'yan para palakasin ang loob ko, salamat."

"No problem. Basta bilisan mo lang para makabalik ka na dito."

"**TOTOO** ba 'to?" hindi makapaniwalang sabi ni Irene habang hawak-hawak ang isang diyaryo.

Nabasa kasi niya sa headline ang eskandalo sa hindi pagsipot ni Raffy sa kasal nito kay Samantha.

"Bakit naman kailangang malagay sa diyaryo?"

"Iyan ang disadvantage ng pagiging kabilang sa alta-sociedad, Irene. Kung sana pinaniwalaan lang ako ni Dad, hindi naman aabot sa ganito,eh."

Hindi mapigilan ni Irene ang maawa kay Raffy. Higit pa sa tunay na magkapatid ang turing niya dito at labis siyang nasasaktan dahil sa sinapit nito at ng pag-iibigan nito at ng Ate Jasmine niya.

"Kuya, huwag ka sanang mawalan ng pag-asa. Lalabas at lalabas din ang totoo. Matatapos din 'to."

"Sana nga, Irene. Ayokong tuluyang mawala si Jasmine sa 'kin. Hindi ko kaya. Mahal na mahal ko siya. Kung may babae man akong gustong pakasalan, siya lang wala nang iba. Siya lang ang pinapangarap kong maging ina ng mga anak ko at gusto kong makasama habang nabubuhay ako."

"Kuya,"

Lumapit si Irene at niyakap ito.

"Hindi tayo pababayaan ng Diyos. Hindi pa huli ang lahat, magtiwala ka lang."

"I am trying, Irene. Salamat sa pagpapalakas ng loob ko. Mas lalong wala akong rason para sumuko ngayon. Sana lang mahanap ko agad si Geoff Mendez."

"Sino'ng Geoff Mendez, Kuya?" takang tanong niya.

"Sam's boyfriend. Malakas ang kutob kong may alam siya. Baka siya naman talaga ang tunay na ama ng dinadala ni Samantha."

"Kung ganun...kung ganun, Kuya, mag-iingat ka. Ipagdadasal ko na magtagumpay ka para lumabas na ang katotohanan at para maging masaya na ulit kayo ni Ate Jasmine."

"Salamat, Irene. Alam mo napakaswerte namin ng Ate Jasmine mo sa'yo."

"GRANNY, si Cedric po ito."

"Cedric!" gulat na sabi ni Selina Montreal sa kabilang linya."Ikaw nga ba talaga 'yan, apo? Kamusta ka na, kayo ng Mommy mo? Si Rafael, ano'ng balita sa kanya?"

"Maayos lang po kami ni Mom dito, Granny. Iyon nga lang nag-aalala pa rin siya kay Kuya. Si Kuya naman, wala pa kaming balita sa kanya. Actually, napag-utusan pa 'ko ni Dad na hanapin siya."

"Masamang-masama talaga ang loob ko sa nangyari kaya hindi kami dumalo ng Lolo mo. This is so cruel of your father. Hindi kami makapaniwalang magagawa niya kay Rafael ito. Why didn't he believe his own son? My gosh, Rafael can't do this! He is innocent!"

"I know, Granny, I know. Mabuting tao ang kapatid ko. Hindi niya deserved 'to."

"Papaano na ngayon? May nag-aalaga kaya sa kanya? Kawawang Raffy."

"Granny, do you think alam ni Jasmine kung nasaan si Kuya?" tanong pa niya.

"Oh, Cedric, you know it's not a good idea. Alam kong masakit din kay Jasmine ang nangyari."

"I'm sorry. Desperate lang po kasi akong mahanap si Kuya. Wala naman kasi sa plano ko na mananatili ako dito nang matagal, Granny, alam mo 'yan."

"It's about you and your dad again, Cedric. Kailan ba kayo magkakaayos?"

"Hindi na 'ko umaasa, Granny."

"Oh, hijo. Hindi ko na din alam ang gagawin ko. Masyado nang malaking gulo ang dumating sa pamilya natin. Maaayos pa kaya ito?"

"I'll bring him home, Granny. No matter what."

"Good luck and take care, hijo, pero worried pa din ako. Gayong hindi siya mahagilap, sino na ang mamamahala sa Selina Amanda ngayon?" sabi pa ni Selina.

Natigilan naman si Ceddie.

"Ano po 'yong Selina Amanda?"

"Isa iyong orchidarium na binili ni Raffy noong isang taon. Ipinangalan niya sa amin iyon ng Mom niyo. Jasmine used to be the manager back then but she resigned already. Kami lang ang nakakaalam sa Selina Amanda at mahalagang-mahalaga iyon kay Rafael."

Then a strange idea popped into his mind.

Kung mahalaga iyon kay Kuya...

"Granny, saan po 'yon makikita?"

Chapter Two

"**DESIDIDO** ka talagang mahanap ang kapatid mo, 'no?" wika ni Verna. College friend ito ni Ceddie. Nagkita sila sa art gallery ng huli para pag-usapan ang mga bagay-bagay.

"Siyempre naman. At 'pag nagawa ko na 'yon, pwedeng-pwede na 'kong bumalik ng Amerika at kalimutan ang lugar na 'to," sagot naman ni Ceddie.

"Hindi ko talaga gusto ang mga sagot mo eversince,"

"Totoo 'yong sinabi ko. Mas okay do'n. Kahit mag-isa ako, at least, nagagawa ko ang gusto ko. Walang pupuna sa 'kin, walang magsasabing mali ang mga ginagawa ko, at higit sa lahat, walang comparison, walang expectations,"

"Yeah. Kaya nga ikaw si Ceddie Montreal, hindi ba? But you're not getting any younger. Wala ka bang planong ma-in love?"

"What? Ako mai-in love? No way!"

"Hindi ka dapat nagsasalita nang ganyan, Ceddie."

"Kayo talagang mga babae kayo,"

"You know I have liked you eversince," seryosong turan ni Verna.

"At alam mo ring ayoko ng commitment eversince," ani Ceddie. "You're beautiful, Verna. I could have courted you kung hindi lang ako si Cedric Montreal. I just don't want you to get the wrong guy. Wala kang mapapala sa 'kin, alam mo 'yan."

"That's not true,"

"It is, unfortunately."

Biglang tumayo ang dalaga.

"One of these days you will change your mind, Ceddie. Itaga mo 'yan sa bato,"

SELINA Amanda. Iyon ang pangalan ng orchidarium na tumambad kay Ceddie. Malayo iyon sa mansyon nila at hindi iyon puntahan ng pamilya nila. Ni Raffy lang. Ibang klase talaga ang kapatid niya. Kahit sino walang mag-aakala.

Sana lang tama ang kutob ko,

Pumasok siya sa loob. He was amazed. The whole place looked like an orchid paradise. Nakita niya ang ilang mga tauhang nangunguha ng mga full-bloom na orchids probably para ibenta kung hindi man i-deliver.

Pinapahanga mo 'ko, Kuya...

"Good morning, Sir Handsome!" bati ng isang empleyadong babae doon. "Ano po'ng maitutulong ko sa inyo?"

"Good morning. Isa ka din ba sa mga empleyado dito?"

"Yes, Sir!"

"May gusto sana akong malamang ilang impormasyon tungkol sa orchidarium na 'to. Pwede mo bang sagutin ang mga itatanong ko?"

"Ay naku, Sir. Sorry po, ha? Basta po kasi tungkol sa mga usapin tungkol sa orchidarium, hindi ho kami masyadong nakikialam. Hindi na po 'yon sakop ng trabaho namin kumbaga bilang mga empleyado," paliwang ng babae.

"Ganu'n ba?"

"Pero pwede niyo pong kausapin 'yong manager nito kung importante talaga 'yong gusto niyong malaman."

Nagliwanag naman ang gwapong mukha ni Ceddie.

"Talaga? So 'andito ba siya?"

"Wala pa po siya sa ngayon kasi nag-day off siya. Kung okay lang sa inyo pwede kayong bumalik dito bukas,"

"No problem. What's your name, by the way?"

"Vicky po,"

"Oh, thank you, Vicky. I'll be back tomorrow to talk to your manager," akmang tatalikod na si Ceddie nang humirit pa si Vicky.

"Sir, ano nga pala'ng name niyo?"

"Call me Tom,"

"Bye, Sir Tom!"

"Bye, Vicky,"

Tinungo na niya ang sasakyan. He just did the first step. Malakas ang kutob niyang may mapapala siya doon.

He decided to stay at Rancho del Montreal. Somehow na-miss na din niya ang rancho at gusto naman niyang lubusang makapagpahinga kahit sandali lang sa araw na iyon. Hindi nga lang biro ang haba ng biyahe bago marating ang rancho mula sa Selina Amanda pero wala namang problema sa kanya.

"MISS Irene,"

Si Vicky ang nabosesan ni Irene sa kabilang linya. Day off niya ng araw na iyon kaya hindi siya pumasok.

"O, Vicky, may problema ba?"

"Wala naman po. Gusto ko lang ipaalam sa inyo na may gorgeous guy na pumunta dito kanina,"

"Ha? Bakit daw?"

"May gusto lang pong malaman tungkol sa orchidarium kaso sabi ko ikaw na lang ang tanungin kasi ikaw naman po ang manager. Babalik na lang daw po bukas,"

"Ganu'n ba? Ano ba ang pangalan niya at interesado siya sa Selina Amanda?"

"Tom' lang po ang pakilala niya,eh."

"Okay. Di bale, mami-meet ko naman siguro 'yon bukas,"

"Iyon lang po, Miss Irene,"

Ibinaba na niya ang telepono. Nakakapanibago naman. May nagkainteres sa orchidarium hindi dahil sa mga orchids.

Baka naman may plano ring magtayo ng orchidarium at gusto lang ng idea, sabi niya sa sarili.

Tama. Ganoon na nga siguro.

"ABA, ano'ng nakain mo at pumunta ka diyan sa rancho? Akala ko ba hinahanap mo ang kapatid mo?" ang lola niya.

"Granny, hinahanap ko nga po. Believe me hindi po leisure ang dahilan kung bakit ako nandito,"

"So ano'ng iniisip mo?"

"Basta, Granny. Magtiwala ka, mahahanap ko si Kuya,"

"Naniniwala ako sa'yo, Cedric. Sana lang maayos ang lahat sa lalong madaling panahon para si Zantino naman ang problemahin ko. Hay, ang batang 'yon, sinusubukan ang pasensiya ko!"

"Why, what's wrong with Ziggy? Oh, bakit ba ganu'n ang tanong ko? Pareho lang pala kaming walang natirang tama sa katawan,"

"Yong pinsan mong 'yon kasi! Kung sinu-sinong babae ang tumatawag sa akin all claiming na girlfriend sila ng loko-lokong batang 'yon!"

"Po?" iyon lang ang nasabi niya.

"Ano na ba ang nangyari sa mga babae ngayon? Mga hindi kagalang-galang mas agresibo pa yata sila kaysa sa mga lalaki!"

"Granny, ang puso mo,"

"Kasalanan ito ng pinsan mo,eh!"

"Pabayaang niyo na lang ho si Ziggy. Alam naman niya ang ginagawa niya,eh,"

"Ah, basta! Kung wala siyang maiharap na matinong babae sa akin bilang girlfriend, ako ang maghahanap para sa kanya!"

"Granny?" gulat na react ni Ceddie.

"Totoo 'yon!"

SEAN called her. He is attending a party at gusto siya nitong isama pero nagdadalawang-isip siya. Wala siyang hilig sa mga social gatherings at para sa kanya pagsasayang lang 'yon ng oras.

"I'm sorry, Sean. Hindi na talaga magbabago ang isip ko,"

"Bakit ba tumatanggi ka? Aware ka naman siuro na maraming babae ang gustong makadate ako sa party na 'yon, 'di ba?"

"Of course. Kaya nga tumatanggi ako kasi alam kong marami sila. Edi sila na lang kung ganu'n,"

"Irene--"

"Mamaya na lang ulit, Sean. Ang dami ko pang trabaho,eh. Bye " pinatay na niya ang cellphone at lumabas ng opisina.

Mas maganda talagang pagmasdan ang makukulay na orchids kaysa ang kausapin si Sean at marinig ang pagmamayabang nito.

Kung siya ang tatanungin, she prefers simple guys pero sa ngayon, wala talaga siyang planong ma-in love.

"Miss Irene!" tawag ni Vicky.

Lumingon siya at nakita niya ang assistant niya na may kasamang lalaki. Awtomatikong napako ang tingin niya dito and her heart skipped a beat sa hindi niya maipaliwanag na dahilan. Ang alam lang niya, isa ang lalaking iyon sa dalawang pinakagwapong lalaking nakita niya sa buong buhay niya. Ang isa siyempre, ang Kuya Raffy niya.

At ang isang ito, parang intriguing ang aura. He was simply gorgeous to top it all.

"Siya po ang sinasabi kong gorgeous guy na pumunta dito kahapon. Bumalik po siya para kausapin ka. Sige, maiwan ko muna kayo," ngingiti-ngiti pa si Vicky nang umalis.

"You're the manager, I supposed?"

Gosh, hindi siya magugulat kung dj ito. He has a soothing voice gaya ng Kuya Raffy niya.

"Ahm, mas tama sigurong OIC. Nag-take over lang ako ng position, actually. Ako si Irene."

"I'm Tom," at inilahad ni Ceddie ang palad.

Tinanggap naman iyon ng dalaga at napakislot siya nang magdaop ang mga palad nila. Nawerduhan siya sa reaksyon niyang iyon.

"Bakit interesado ka sa orchidarium?" tanong niya.

"May gusto lang akong malaman gaya ng kung gaano na katagal ang orchidarium na 'to?"

"Ang orchidarium matagal na rin pero ang ownership ng may-ari may isang taon pa lang . Binili lang kasi ito, eh,"

"I see," anang binata. "So may isang taon ka pa lang ding nagtatrabaho dito?"

"Hindi. Dati na 'kong nagtatrabaho dito hindi pa man nabebenta ang orchidarium,"

Magkasama pa nga sila ng Ate Jasmine niya noon. Ito ang manager at siya ang assistant.

"Bakit naibenta ang orchidarium?"

"Nagmigrate na kasi ang pamilya ng dating may-ari pero hindi naman nagpalit ang bagong may-ari ng mga empleyado,"

"So bakit Selina Amanda ang pangalan nitong orchidarium?"

"Pinalitan ng bagong may-ari. Sunod sa pangalan ng Lola at Mommy niya."

Kung ganun, si Kuya Raffy nga ang pinag-uusapan naming dalawa, ani Ceddie sa sarili.

"Sino ang may-ari nito kung ganun?"

"Bakit po ba ang dami niyong tanong tungkol sa personal information ng Selina Amanda?"

"May masama ba doon?" ani Ceddie at pinagkrus ang mga braso.

Hindi pwedeng malaman ng babaeng 'to ang pakay ko. Nakakahalata na kaya siya?

"Depende. Bakit mo gustong malaman kung sino ang may-ari ng Selina Amanda?" tanong naman ni Irene.

Bahala na. Malay ko naman kasi kung ano ang totoong pakay ng lalaking ito?, anang dalaga.

"Well, I'm planning to do busines with the owner. I like this orchidarium and I want to talk to him about it,"

"Mukhang magandang idea nga 'yan pero hindi available ang amo ko ngayon,eh,"

"Kailan siya available kung ganun?"

"Hindi ko alam,"

"Impossible naman 'yon,"

"Hindi ko nga talaga alam, Sir,"

"Then nasa'n siya? Ako na lang ang pupunta sa kanya kung ganun," tanong pa ng binata.

"Hindi ko din alam kung nasa'n siya,"

"Amo mo hindi mo alam kung nasa'n? Nagsasabi ka ba ng totoo?"

"Oo. Ikaw, talaga bang business lang ang dahilan kung bakit mo siya hinahanap?" ani Irene.

"Siyempre naman. So pwede ko bang makuha ang contact number niya?"

"Hindi ko pwedeng ibigay sa'yo, I'm sorry,"

"Dahil wala kang tiwala sa 'kin?"

"Hindi naman sa ganun. Bumalik ka na lang sa ibang pagkakataon, kapag pwede na siyang kausapin. Excuse me," at tumalikod na si Irene.

"Pwes hindi ako naniniwalang hindi mo alam kung nasaan si Rafael Montreal," diretsong turan ni Ceddie.

Natigilan si Irene at hinarap uli ito. Sinasabi na nga ba niya.

"Don't tell me na wala kang ideya na pinaghahanap siya ngayon?"

Hindi basta-basta ang lalaking kaharap niya. Napag-utusan ba itong hanapin ang Kuya niya?

"Siyempre, alam ko. Iyon ang dahilan kung bakit hindi available ang amo kong makipag-usap kahit kanino. At kung nandito ka para hanapin siya, wala kang mapapala. Siguro naman sapat na 'yon para umalis ka?"

"Hindi ako naniniwala sa'yo,"

"At lalong wala akong tiwala sa 'yo,"

Ngayon alam na ni Irene na dapat mag-ingat si Raffy sa lalaking ito.

"You're protecting him," he declared.

"Wala akong alam sa sinasabi mo,"

"I'll see you again,"

At siya naman ang tinalikuran ng binata.

Pagkaalis ni Ceddie ay agad na tinawagan ni Irene si Raffy.

"Kuya, nasaan ka?"

"Nandito lang ako sa tabi-tabi, Irene. May problema ba?"

"May lalaking pumunta dito sa Selina Amanda, Kuya, at hinahanap ka. Ayaw niyang maniwala na wala akong alam kung nasaan ka,"

Batid niyang natigilan si Raffy sa kabilang linya.

"Sino siya, Irene?"

"Nagpakilala siyang 'Tom', Kuya. May kilala ka bang ganu'n?"

"Tom? Wala,eh,"

"Hindi ko hahayaang may malaman siya tungkol sa'yo, Kuya."

"Kung ganu'n dapat kang mag-ingat sa kanya. Malakas ang kutob kong babalik pa siya,"

"Ikaw din, Kuya mag-iingat ka."

"Tawagan mo 'ko kung may problema,"

MUKHANG may hahadlang pa yata sa mga plano ni Ceddie.

Hindi pwedeng isang babae lang ang humadlang sa 'kin pero siya din ang pwedeng makatulong...

Sigurado kasi siyang may nalalaman ito tungkol sa kapatid niya. Maaaring alam nito kung nasaan si Raffy at malamang nga ay pinagtatakpan lang ng dalaga. Talagang dapat siyang bumalik sa Selina Amanda.

"Kung ang mundo nga maliit, Batangas pa kaya?" sabi naman ni Ziggy sa kanya.

Sa sitwasyon niya ngayon, sa cellphone na lang sila nito nakakapag-usap.

"May point ka nga," sang-ayon naman niya.

"Pero kailangan mong galingan, 'insan. Kung may alam nga ang manager ng orchidarium na 'yon kung nasaan si Raffy, most likely binalaan na niya ang Kuya mo na mag-ingat sa'yo,"

"Maaaring tama ka, Ziggy. Gusto kong paniwalaan na may alam nga siya para hindi na 'ko mahirapang hanapin ang kapatid ko,"

"Iyon nga lang, since ibang pangalan ang ginamit mo, mag-iisip pa si Raffy nu'n. Eh bakit kasi hindi ka na lang nagpakilalang kapatid ka ni Raffy?"

"Magpakilala man ako o hindi, duda akong pagkakatiwalaan pa rin ako ng babaeng 'yon at ni Kuya. Alam mo namang malayo ang loob namin sa isa't-isa,"

"So wala ka pa ring choice kundi ang bumalik doon sa Selina Amanda at bantayan ang kilos ng babae,"

"Ganun na nga. Ano pa nga ba?"

"May bago ka nang career, 'insan. Congrats!"

"Wag ka ngang mang-asar," pakli naman niya.

"Buti ka nga diyan 'yan lang ang problema mo. Alam mo ba si Granny pini-pressure ako?" pag-iiba ni Ziggy.

"Naikwento nga niya sa 'kin,"

"Sabihin mo nga, may mga matitino pa bang babae sa mundong 'to? Bakit kailangan kong magkaroon ng seryosong girlfriend? Unfair naman 'yon!"

"I think I happened to meet one," ani Ceddie, thinking of Irene."Isang beses ko pa lang siyang nakita pero tingin ko ibang-iba siya sa mga babae mo,"

"Talaga? Ipakilala mo sa 'kin. Ipapakilala ko lang kay Lola tapos tapos na,"

"Ayoko nga. Kawawa lang siya sa'yo. Sa 'kin na lang siya kung ganun din lang, 'no."

"Ang sama naman nito!"

Chapter Three

"**SUMAMA** ka na sa 'min, Irene. Wala talaga kasi kaming magawa kaya mamamasyal kami sa ilog. Tsaka 'di ba hindi na natin 'to nagagawa nang madalas? Kaya sige na, sa hapon na lang tayo magsimba,"

Linggo noon at umuwi na naman si Irene sa bahay ng Nanay niya dahil iyon ang isa pang araw na makakauwi siya kapag may day off siya. Dalawang araw kasi ang pahinga niya sa isang linggo kaya maswerte siya.

"Pagbigyan mo na ang dalawang 'yan, Irene. Mukhang miss na miss ka na,eh," si Aling Cynthia.

Sinadya pa kasi siya ng mga kababata niya na sina Lyn at Rosy.

"O, sige na nga," sabi naman niya. "Kayo 'yan,eh. Alangan namang tanggihan ko kayo?"

"Ay, yes!" anas ng dalawa.

"Aling Cynthia, aalis na po kami, ha?" si Rosy.

"Sige, mag-iingat kayo,"

INIHINTO ni Ceddie ang kotse sa tabi ng kalsada nang may makita siya. Nagru-roadtrip siya nang araw na iyon at nilibot niya ang isang hacienda na pagmamay-ari ng Lolo niya.

Tumambad sa kanya ang napakalawak at malagong damuhan sa baba.

"Wow," anas niya.

Magandang idea kung magpapalipas siya ng oras doon. Kinuha niya ang sketchpad at lapis sa kotse at sumandal sa malaking puno doon.

Somehow he found peace. Isa ang kapaligiran sa nami-miss niya kapag out-of-the-country siya. At kahit ngayon lang, kakalimutan niyang may misyon siya. Just a break kumbaga.

Sinimulan niyang iguhit ang magandang view sa harap niya.

ANG usapan ay mamasyal lang sila pero ang gandang tingnan ng tubig kaya natukso silang maligo.

"Grabe, na-miss ko 'to," ani Irene.

"Dapat next Sunday ulitin natin 'to," sabi naman ni Lyn.

"Oy, Irene, kamusta si Sean? Sinagot mo na ba?" tanong naman ni Rosy.

"Hindi pa," sagot naman niya.

"Bakit naman?"

"Wala akong nararamdaman para sa kanya,eh. Gusto ko nga siyang bastedin na lang kaso hindi ako makakuha ng tiyempo,"

"Pakakawalan mo na lang ang tulad niya, ganun?" si Lyn.

"Hindi naman ako nanghihinayang,eh,"

"Nakakabilib ka talaga. Hindi ka katulad ng iba diyan kaso ayaw mo pa bang magkaboyfriend?"

"Hindi naman sa ganun kaya lang naniniwala naman akong may dadating na inilaan talaga para sa 'kin,"

"Naku, ilang beses ko na bang narinig 'yan?" ani Lyn.

"Kahit ako nasabi ko na rin 'yan, 'no," sabi naman ni Rosy.

"Basta naniniwala talaga ako dun. O, aakyat lang ako sa taas, ha? Magpapatuyo na 'ko,"

"Sige, dito lang muna kami. Gusto pa naming lumangoy,eh," anang dalawa.

NAG-RING ang cellphone ni Ceddie. Inilapag niya sa tabi ang sketchpad at kinuha ito sa bulsa. It was his mom.

"Mom,"

"Son, where are you?"

"In a peaceful place kung saan pwede kong kalimutan ang lahat kahit sandali lang,"

"Hindi ka pa ba uuwi?"

"Hindi ako pwedeng umuwi hangga't hindi ko nahahanap si Kuya at kahit mahanap ko pa siya, hindi pa rin ako uuwi, Mom, alam mo 'yan,"

"Pakiramdam ko kasi pareho na kayong nawala sa 'kin," malungkot na sabi ni Amanda.

"You know it's not true, Mom. 'Wag ka nang malungkot. Ibabalik ko sa'yo si Kuya sa lalong madaling panahon, okay? Ipinapangako ko 'yon sa'yo,"

Biglang humangin ng malakas at nilipad ang ilang pahina ng sketchpad ni Ceddie na pinilas niya. Tumayo siya at hinabol ang mga iyon.

"Ah, Mom, I'll call you later, okay? I love you,"

Mabilis ang lipad ng pahina kaya napatakbo siya.

NAPATINGIN si Irene sa paanan niya habang nakatayo siya sa damuhan na siyang itaas ng ilog. Awtomatikong dinampot niya ang isang pahina ng sketchpad na may nakaguhit na marahil ay nilipad ng hangin.

"Wow," manghang sabi niya.

Ang nakaguhit ay ang view na mismong nasa harapan niya. Ang galing ng pagkakaguhit ng kung sino mang artist niyon.

"Ang ganda,"

"Mas maganda ka,"

Nagulat siya nang may magsalita sa tabi niya. Lalo pa nang ma-recognized niya kung sino iyon. The guy who introduced himself as Tom at naghahanap sa Kuya niya!

"I-ikaw?!"

"So we met again, huh," anitong may naglalarong ngiti sa mga labi."At may ilog pala dito. Cool,"

Nag-init ang pisngi ng dalaga nang pasadahan nito ng tingin ang kabuuan niya.

"Hindi ako natutuwang makita ka," angil niya dito.

"I'm not asking how are you either. Can I have that one? Sa 'kin kasi 'yan,eh,"

"I-ikaw ang nagdrawing nito?"

"Unfortunately, yes,"

"Ayan na," ani Irene at padaskol itong inabot.

"Thank you,"

Tumalikod na si Ceddie pero nakakailang hakbang pa lamang ito ay nilingon nito si Irene.

"Pwede kitang gawing subject. Ipinta naman kita minsan, ha?"

Umangat naman ang kilay ng dalaga. Ang sarap pagbuhulin nito at si Sean. Ang yayabang!

"NAY, ano po ang impression mo kay Sean?"

Mula sa pagbuburda ay nalipat ang tingin ni Aling Cynthia kay Irene.

"Bakit mo natanong, anak?"

"Gusto ko lang pong malaman kung magiging mabuting boyfriend siya sakali,"

"Hindi ko ganun kakilala ang anak ni Congressman,eh. Sa totoo lang nayayabangan ako sa batang 'yon pero sa palagay ko lang naman 'yon,"

"Mayabang talaga 'yon, Nay. Pero mas mayabang yata 'yong lalaking pumunta sa orchidarium at naghahanap kay Kuya Raffy?"

"May nakaalam na kung nasaan siya?" alalang tanong ng Nanay niya.

"Wala, Nay. Hindi magtatagumpay ang sino mang gustong maghanap kay Kuya hangga't hindi pa lumalabas ang katotohanan,"

"'Yong batang 'yon nga pala?"

"Mamayang gabi daw po uuwi,eh. Para daw siguradong walang makakapansin sa kanya," sagot naman niya.

"Mukhang desidido na nga ang pamilya niyang mahanap siya, Irene,"

"Ako ang nahihirapan sa kanya, Nay. Hindi dapat siya nalagay sa sitwasyong 'to,"

"KUYA, nandito 'yong lalaking naghahanap sa'yo kaninang umaga," sabi niya kay Raffy nang dumating na ito kinagabihan.

Sa sinabi niya ay lalong lumalim ang ekspresyon ng mukha ni Raffy.

"Ano'ng ginawa niya dito? Ginulo ka ba niya?"

"Hindi, Kuya. Wala naman siyang ginawang kahina-hinala o baka siguro nagbabakasakali siya na makikita ka niya dito,"

"Malamang nga, Irene. Kung sino man siya, wala siyang mapapala dahil hinding-hindi niya 'ko makikita. Sino ba kasi siya?" nakuyom ni Raffy ang kamao.

"Hindi ko naman hahayaan na makalapit siya sa'yo,eh,"

"Basta't 'wag ka lang niyang idadamay at sasaktan!"

"Hindi niya pwedeng gawin 'yon, Kuya. Kaya ko naman ang sarili ko,eh,"

"Alam ko 'yon, Irene, pero mag-iingat ka pa din. Hindi natin alam ang tunay na pakay niya. At higit sa lahat, duda ako kung Tom nga talaga ang pangalan niya"

NAGSALUBONG agad ang kilay ni Irene nang makilala ang lalaking nasa bakuran ng orchidarium. But then, expected na niya ang pagbalik nito sa Selina Amanda kaya wala na siyang magagawa.

"Welcome back sa Selina Amanda, Mister," sabi niya nang lapitan ito.

"You're sarcastic," amused na saad naman ni Ceddie.

"Hindi ba halatang unwelcome ka dito? Iniisip mo ba talagang makikita mo dito ang hinahanap mo?"

"Of course. Naghahanap ako ng magagandang orchids na ibibigay ko sa Mommy ko at nahanap ko dito,"

"Talaga lang, ha?"

"Obviously, this is an orchidarium,"

"Oo nga naman," ani Irene na tumaas-baba ang kilay.

"Ganyan ka ba mang-entertain ng customers?"

"Sa'yo lang,"

"Don't tell me duda kang Mommy ko ang pagbibigyan ko ng bulaklak?"

"Hindi naman sa ganun. Wala lang kasi sa itsura mo na sweet kang anak. Wag kang magagalit, opinyon ko lang naman 'yon,"

"Why would I?" sa halip ay amused na tanong ni Ceddie.

"Sir Tom, ayos na po ang bulaklak niyo!" singit ni Vicky.

Sa loob ng opisina na nagbayad si Ceddie at si Vicky ang nag-asikaso sa kanya. Ito na rin ang nagdala ng bulaklak sa kotse niya.

"Thank you for coming, Sir. Sana hindi na kita makita dito," sabi ni Irene na nakatayo sa tabi ng mesa niya.

"Baka ma-miss mo 'ko, ikaw din,"

"Nagpapatawa ka din pala?"

"You'll keep seeing me whether you like it or not. Alam kong alam mo kung nasaan si Raffy,"

"Wala akong alam sa sinasabi mo,"

Napasinghap si Irene nang lapitan siya ni Ceddie at napasandal siya sa mesa niya. Itinukod pa nito ang mga braso nito kaya nakorner siya. His face an inch away from hers. It caused her heart to pump double time.

"We both know you do, Irene. At ikaw ang magdadala sa akin sa kanya,"

"Umalis ka na, Tom, kung 'yon nga talaga ang pangalan mo,"

He nudged her chin.

"Next time sasabihin ko sa'yo kung sino nga ba 'ko,"

Napalunok si Irene nang gumalaw ang isang daliri ni Ceddie at hinaplos ang sulok ng labi niya.

"H-hindi ka ba talaga aalis?" kandautal na sabi niya.

"Ba't 'di mo 'ko itulak?"

Papaano naman niya gagawin 'yon eh nakakahigop ng lakas ang pagkakadikit nitong lalaking ito sa kanya?

"Sabing umalis ka na,"

"Okay. Pero uulitin ko, I'll see you again. And next time, baka mahalikan mo na 'ko,"

Ngumisi si Ceddie nang nakakaloko bago lumayo sa kanya at tuloy-tuloy na lumabas ng opisina. Humugot siya ng hangin at pilit kinalma ang sarili.

Relax ka lang, Irene, wala lang 'yon, relax ka lang...

"NATANGGAP ko na ang pinadala mong orchids, hijo. Ang gaganda nila!" masayang sabi ni Amanda sa kabilang linya.

"I'm glad nagustuhan mo, Mom," napangiting wika ni Ceddie.

"Sa'n mo binili ang mga 'to?"

"Sa Selina Amanda,"

"Bakit nandiyan ka?" gulat na tanong ng ginang."Napakalayo diyan, hindi ba?"

"Oo nga po pero malakas ang kutob kong dito ko mahahanap si Kuya,"

"Sigurado ka ba sa ginagawa mo?"

"I am sure, Mom. Alam kong malapit na 'ko sa kanya. Iyon nga lang, may isang taong pumipigil sa 'kin,"

"Ano'ng ibig mong sabihin?"

"May tumutulong kay Kuya Raffy, Mom. Ayaw lang nitong aminin para protektahan si Kuya,"

"Sino naman ang taong 'yon?"

"Isang taong malapit sa kanya, tingin ko. At hindi ko siya titigilan hangga't hindi siya nagsasabi ng totoo,"

"Just make sure na walang masasaktan, Cedric. Ayokong lumala ang lahat,"

"I'll do my best, Mom. I love you. Bye,"

"ANO 'yong naikwento sa 'kin ni Vicky na may lalaking pumunta dito sa orchidarium noong isang araw?" pasitang tanong ni Sean sa kanya nang dalawin na naman siya nito.

"Oo meron at natural lang 'yon kasi customer siya. Bumili lang siya ng mga orchids, Sean,"

Kung hindi siya nagkakamali, si Tom ang tinutukoy nito.

"Sigurado ka? Baka naman manliligaw mo 'yon?"

"Sean!" hindi makapaniwalang sambit niya.

"Totoo ba?"

"Totoo man at hindi wala kang karapatang umasta nang ganyan sa 'kin dahil wala naman akong commitment sa'yo,"

"So totoo nga?"

Napabuntong-hininga siya.

"Pwede ka nang umalis, Sean. Wala kang mapapala sa 'kin. Magtatalo lang tayo dahil mas gusto mong paniwalaan 'yang iniisip mo,"

"Okay, I'll leave. Pero itong tandaan mo, hindi mo na 'ko makikita ulit dito, Irene,"

Pinigil niya ang mapataas ang kilay. Tinatakot ba siya nito?

"I won't mind, sige lang," sabi na lang niya. "Goodbye, Sean. Mag-iingat ka,"

Natigilan si Sean at nang tumalikod ito ay puno ito ng pag-aatubili. Mabuti nga't sa wakas ay tatantanan na siya nito. Bakit naman kasi ganun ito umasta? Hindi naman niya ito boyfriend.

"Naku, Miss Irene, kasalanan ko pa yata kung bakit kayo nag-away ni Sir Sean, eh. Ang daldal ko naman kasi. Sorry po, tanggal na po ba 'ko?" ani Vicky na sobrang guilty.

"Bakit ka ba nagi-guilty diyan? Thankful nga ako sa'yo kasi aalis na raw siya at hindi ko na siya makikita pa. Wala nang problema," parang walang anumang sabi niya.

"S-seryoso po ba kayo, Miss?"

"Oo naman. At least, 'di ba, hindi na 'ko mahihirapang bastedin siya at sa Selina Amanda na lang ako magpu-focus. Kalimutan mo na 'yon. Mas kailangan kita dito,"

KAHIT hindi kasama sina Lyn at Rosy ay bumalik sa ilog si Irene. Masyadong marami ang nangyari sa linggong 'yon para sa kanya kaya tingin niya ay kailangan niya ng panahon na makapag-relax at mag-isip.

Maliligo siya kahit mag-isa lang. Mas gusto nga niya iyon. Masosolo niya ang ilog. Habang nagbababad ay napaisip siya sa mga nangyari nito lang.

Una, nahaharap sa malaking problema ang Kuya Raffy niya. Napilitan itong magpakasal sa babaeng hindi nito mahal dahil lang sa itinuturo itong ama ng ipinagbubuntis ng babae kaya tumakas ito sa araw ng kasal. Ngayon, gumagawa ito ng paraan para mahanap ang katotohanan pero nahihirapan ito dahil nagtatago ito mula sa mga naghahanap sa kanya. Gustuhin man niyang tumulong, hindi naman siya pinapayagan dahil ayaw siya nitong madamay.

Pangalawa, hindi naging madali ang pagsalo niya sa posisyon ng Ate Jasmine niya bilang manager ng Selina Amanda pero wala naman siyang choice. Kakayanin na lang niya ang bagay na 'yon alang-alang sa Kuya Raffy niya at kay Aling Cynthia na rin.

Pangatlo, si Sean. Pero dahil nagtalo sila nang huli silang magkita, wala nang aasahan pa ito sa kanya.

Isa pa ang panggulong Tom na 'yon. Ito ang posibleng makahadlang sa plano ni Raffy kaya hindi nito dapat tuluyang malamang alam nga niya kung nasaan ang hinahanap nito. Gagawin niya ang lahat para protektahan ang Kuya niya.

Although aaminin niya, attracted siya dito. Mali para sa kanya dahil hindi ito mapagkakatiwalaan bukod pa sa wala siyang alam dito pero hindi naman niya mapigilan ang sarili niya. At aaminin din niya, madalas itong pumasok sa isip niya.

May iba pa bang ibig sabihin 'yon?, tanong niya sa sarili.

She's hoping na hanggang doon na lang iyon. Hindi niya pwedeng kalimutang hindi niya ito pwedeng pagkatiwalaan.

"Kasama ba 'ko sa mga iniisip mo?"

Halos mapapisik si Irene nang may magsalita. Agad uminit ang ulo niya nang makita si Ceddie na nakatayo sa isang bato malapit sa kanya.

"Papatayin mo ba 'ko sa gulat?!" singhal niya dito.

Bakit hindi man lang niya napansin ang pagdating nito?

"Sorry, hindi ko sinasadya," anitong itinaas pa ang mga kamay.

"Hanggang dito ba naman? Ano ba talagang gusto mo, ha?"

"Hey, hindi ko na kasalanan kung maliit ang mundo. And I supposed na hindi naman sa'yo ang property na 'to so kahit sino pwedeng puntahan 'to. Kahit sino. Kahit ako,"

Napataas lang ang kilay niya. Ayaw man niyang aminin, tama ito.

"At hindi ba sinabi ko ring magkikita ulit tayo? Ito na nga 'yon,"

Hindi na talaga siya natutuwa. Tumayo na siya para umahon.

"Kailangan mo ng tulong?"

"Wag mo nga 'kong kausapin!"

"Ang taray,"

Pagtapak niya sa isang bato, dumulas ang isang paa niya dahil upang mawalan siya ng balanse. Siguradong babagsak siyang muli sa tubig at tatama ang katawan niya sa matigas na bato.

Pero hindi nangyari iyon dahil may malalakas na bisig ang humawak sa kanya.

"Ang bigat mo!" si Ceddie na siyang nawalan ng balanse kaya dalawa silang tuloy-tuloy na bumagsak sa tubig.

Habol ni Irene ang paghinga nang umangat siya. Tiningnan niya si Ceddie na nakalutang at hindi gumagalaw. Sinalo siya nito at ngayon ay basa na rin ito.

"Hoy, lalaki," tinapik niya ito pero hindi man lang ito natinag. "Hoy, ano ba?"

Kinabahan siya. Hindi kaya tumama ang ulo nito sa bato kaya nawalan ito ng malay at hindi lang niya napansin dahil sa sobrang bilis ng pangyayari?

Natutop niya ang bibig.

"Naku po!"

Dinala niya ang katawan nito at isinandal sa malaking bato. Tinapik ng isang kamay niya ang pisngi nito.

"Hoy, gumising ka,"

Hindi pa rin nagmumulat si Ceddie. Nagsisimula na siyang magpanic. Ano ba ang dapat niyang gawin para bumalik ang malay nito?

Pero hindi ako marunong mag-CPR,

Napalunok siya.

"Bahala na,"

Napatitig siya sa mukha nito. Kung bakit kasi parang nang-aanyaya ang mga labi nitong halikan niya.

Hindi ko nga siya hahalikan, CPR lang!

Chapter Four

HUMAWAK siya sa mga balikat nito and she felt his hard muscles. Inilapit niya ang mukha niya sa mukha nito until their lips touched, her heart, beating faster than the normal.

Cedric opened his eyes and eventually claimed her lips. Nagulat si Irene. Pumiglas siya para makawala dito pero nakapigil ang isang braso ng binata sa beywang niya.

Binayo niya ang dibdib nito but he just grabbed her nape and deepened the kiss.

Irene, hindi ka niya dapat hinahalikan!, sigaw ng utak niya pero wala naman siyang magawa. Masyadong malakas ang lalaking ito at hindi siya makakilos.

Natagpuan na lang niya ang sariling nagpapaubaya dito. Naramdaman pa niya ang isang kamay nito na pumasok sa t-shirt niya at hinaplos ang likod niya. Napaigtad siya pero lalo lang siyang niyakap ni Ceddie habang magkahinang pa rin ang mga labi nila.

Kanina lang niya sinabi sa sarili na hindi siya dapat magtiwala dito dahil hindi naman niya ito kilala pero ngayon, hinahayaan niya itong halikan siya. Mali! But how come it felt so right?

Kung hindi pa sila kinapos ng paghinga ay hindi pa sila maghihiwalay.

"Irene,"

Saka lang na-realized ni Irene ang lahat. Niloko siya nito. Hindi naman talaga ito nawalan ng malay.

Lumayo siya dito.

"Pinaniwala mo 'kong nawalan ka ng malay?"

"I didn't mean that way,"

"Wag ka nang magpaliwanag," tumayo siya at dali-daling umahon.

"O, nandiyan ka na pala,eh," salubong ni Aling Cynthia sa kanya."Magbihis ka na do'n, dali. Baka ubuhin ka pa,"

"O-opo," tanging tugon niya.

Mabilis lang siyang nagbanlaw at nagbihis sa silid niya. Nang humarap siya sa salamin, nakapa niya ang mga labi. Bumalik sa isipan niya ang mga nangyari sa ilog kanina.

Tinatanong niya ang sarili niya kung bakit niya hinayaang haplusin ng pangahas na iyon ang bahagi ng katawan niya?

Bakit ba siya nagpadala? Bakit siya nagpaubaya? Bakit hindi na lang niya ito iniuntog sa bato?

Ang daming bakit sa isipan niya pero wala nang silbi ang mga iyon dahil nangyari na.

Hindi ka pwedeng mahulog sa lalaking 'yon, Irene. Hindi pwede,

"NGAYONG gabi ka na pupunta ng Baguio?" gulat na ulit ni Irene.

"Ganun na nga," ani Raffy.

"Susundan mo si Ate Jasmine?"

"Gustuhin ko man pero hindi pa pwede sa ngayon. Pupunta lang ako dun dahil nandun si Geoff. Paaaminin ko siya sa nalalaman niya,"

"Kailan ka naman babalik?"

"Hindi ako sigurado. Ipagdasal mo 'ko, Irene, ha? Si Geoff na lang ang pag-asa ko,"

"Papa'no 'yong lalaking naghahanap sa'yo?"

"Hindi niya malalaman na pupunta na 'kong Baguio. Kapag wala siyang makuhang impormasyon, titigilan ka na niya,"

Tumango siya.

"Sana gabayan ka sa gagawin mo, Kuya,"

"Salamat. Magpapaalam lang ako kay Nay Cynthia at tutuloy na rin ako. Ikaw na ang bahala sa Selina Amanda habang wala ako,"

"Sige, Kuya. Wag kang mag-alala,"

"Mag-iingat kayo,"

"Ikaw din,"

Hinatid nilang mag-ina sa labas ng bahay si Raffy. Ang hindi nila alam, may isang taong lihim na nagmamasid sa kanila di-kalayuan.

Umpisa pa lang alam na ni Ceddie na may alam nga si Irene kung nasaan ang kapatid niya. At hindi lang nito basta alam, ito mismo ang nagpuprotekta at kumukupkop. Bilib naman siya sa loyalty nito sa Kuya niya. Pero siyempre, hindi na niya pwedeng palampasin ang pagkakataon ngayong nakita na niya si Raffy.

Nang umalis na ito ay lihim niya itong sinundan. Kailangan niyang malaman kung saan ito pupunta.

Napamura siya.

Sa dami ng kabahayan at sa iilang taong nasa labas pa ay nawala sa paningin ni Ceddie ang kapatid niya. Idagdag pa na hindi niya kabisado ang lugar na iyon. Matalino talaga ang Kuya niya. No wonder na ito ang paborito ng ama nila.

Maswerte ka ngayon, Kuya,

Pero hindi siya titigil. Babalikan niya sa Irene. Gagawin niya ang lahat aminin lang nito ang mga nalalaman nito tungkol kay Raffy. Nakuyom niya ang kamao.

SAKALI mang magpakita sa kanya ang lalaking Tom daw ang pangalan na iyon, didiretsuhin na niya ito. Kapag hindi pa siya nito tinigilan, wala na siyang magagawa kundi ang isumbong ito sa mga pulis.

Maagang namalengke ang nanay niya kaya siya na lang ang magsasara ng bahay pag-alis niya. Kaka-lock lang niya ng pintuan nang sumulpot ang inaasahan niya.

Madilim ang anyo nito habang nakatitig sa kanya.

"Ano pang ginagawa mo dito? Pati ba naman dito sa bahay?" angil niya.

Nagulat siya nang haklitin siya nito sa braso.

"Ngayon mo sabihing hindi mo alam kung nasaan si Raffy?"

"A-ano'ng--hindi ko alam ang pinagsasabi mo!"

"Wag ka nang magkaila! Dito siya nanggaling kagabi, 'di ba? Sabihin mo, sa'n siya pupunta?"

"Bitawan mo 'ko, wala akong ipapaliwanag sa'yo!" aniyang pilit na piniksi ang braso.

"Magsabi ka na lang kasi ng totoo para matapos na 'to,"

"Wala nga akong sasabihin sa'yo!"

"Kung ganu'n wala na 'kong choice,"

Nagulat si Irene nang takpan ni Ceddie ng panyo ang ilong niya. Nagdilim ang paningin niya. Tiyak niyang may inilagay ito doon kung kaya't nawalan siya ng malay. Bumagsak siya sa mga kamay ni Ceddie.

"I-I'm really sorry, Irene,"

Labag man sa loob ay binuhat niya si Irene at dinala papunta sa nakaparada niyang kotse.

NAPABALIKWAS ng bangon si Irene at agad niyang nasapo ang ulo.

Ano ba ang nangyari sa kanya?

Nilibot niya ang tingin at nasa loob siya ng isang napakagarang silid na hindi pamilyar sa kanya. Kumabog ang dibdib niya.

"Nasaan ako?"

Bumangon siya sa kama at sumilip sa bintana. Tumambad sa kanya ang tanawin ng mga kabayo sa malawak at berdeng damuhan.

Nasa isang rancho ba siya? Pero paano naman siya nakarating doon?

Hindi niya maintindihan ang mga nangyayari. Ang naaalala lang niya, bago siya umalis ng bahay ay--

Tama, ang Tom na 'yon!

Nagpuyos siya sa galit. Ito ang may kagagawan ng lahat. Kinidnap siya nito.

Paano ako makakaalis sa lugar na 'to?

Tinungo niya ang pintuan at bumukas naman iyon. Nasa ikalawang palapag siya ng isang magarang mansiyon!

Nasaan ba talaga ako? Kailangan ko nang makaalis dito.. .

Bumaba siya ng hagdan.

"Hija, gising ka na pala," pansin ng isang may edad na babae sa kanya. Sa kusina ito nagmula.

"Nasaan po ako?"

"Nasa labas si Senorito, siya ang sasagot sa lahat ng tanong mo,"

Marahil ay si Tom ang tinutukoy nito.

"S-sige ho,"

So galing pala sa mayamang pamilya ang lalaking iyon.

Eh ano naman ngayon? Kapag hindi pa niya 'ko ibinalik sa 'min masasaktan talaga siya sa 'kin!

Nakita nga niya ito sa magarang balkonahe ng mansiyon. Nakatalikod ito sa kanya at may kausap sa cellphone. Nalingunan siya nito.

"I'll call you later, Ziggy. Bye," anito.

"Ibalik mo 'ko sa 'min, Tom!"

"I'm not Tom,"

Natigilan siya.

"A-ano'ng ibig mong sabihin?"

"Tama ka. Hindi nga talaga Tom ang pangalan ko. The truth is I am Cedric Montreal at kapatid ko si Raffy. Nandito ka ngayon sa rancho ng angkan namin,"

Hindi siya makapaniwala sa mga narinig. Kaya pala naikumpara niya ang mga ito minsan ay dahil sa magkapatid ang mga ito. Bakit ba hindi niya naisip 'yon?

"Hindi ko naman gustong madamay ka,eh. But I have no choice. Ikaw ang may alam kung nasaan siya. I hate to say this but," napabuga siya ng hangin.", hindi ka pwedeng umalis dito hangga't hindi mo itinuturo kung nasaan siya,"

Basta na lang kumawala ang mga luha sa mga mata niya.

"Irene,"

Tinangka siyang hawakan ni Ceddie pero umatras siya.

"Cedric Montreal, ikaw ang pinakasinungaling na taong nakilala ko!" asik niya at tumakbo papasok sa loob.

Bumalik siya sa silid niya at nanghalungkat doon, baka sakaling mahanap niya ang cellphone niya. Kailangan niyang balaan si Raffy. Kailangan nitong malaman na ang Tom na naghahanap dito ay ang kapatid nitong si Cedric kaya mas lalo itong mag-ingat.

"Bakit wala?"

Hindi pwedeng mangyari iyon. Dapat matawagan niya si Raffy.

NANLULUMONG naupo siya sa sahig. Hindi niya nahanap.

"Ano nang gagawin ko?"

Kapag tumagal pa siya sa lugar na 'yon, siguradong mag-aalala ang Nanay niya. Naiyak siya.

"Irene, hija,"

Bumukas ang pinto at pumasok ang may edad na babae kanina.

"Hindi ka pa kumakain. Baka gutom ka na,"

"Gusto ko pong umuwi,"

"Pasensiya ka na. Wala akong magagawa sa bagay na 'yan. Utusan lang kami, hindi kami dapat makialam," sabi nito ngunit may bahid ng awa sa boses.

Hindi siya tumugon.

"Wag ka nang umiyak, Irene. Aakyat na lang kita ng pagkain dito. Tumahan ka na,"

KINABUKASAN, maaga pa siyang pinuntahan ni Manang Malou para dalhin ang mga kakailanganin niya.

"Ito na, Irene, oh. Nandito na lahat ng kailangan mo. Pwede ka nang maligo para makapag-almusal ka na,"

"S-salamat po,"

"Sige na bilisan mo na. Napakaganda ng araw ngayon. Ba't di mo subukang mamasyal sa rancho?"

Hindi nagtagal ay iniwan na siya nito. Tinungo na niya ang banyo. Buong buhay niya ay hindi pa niya naranasang magkaroon ng shower at jacuzzi sa banyo.

Ibang klase talaga ang mga Montreal.

Nang bumaba siya sa engrandeng sala, hinanap ng tingin niya si Ceddie. Nasaan kaya ito?

Galit nga pala ako sa kanya, bakit ko ba siya hinahanap?

Dumiretso na lamang siya sa kusina.

"Upo ka, Irene," sabi ni Manang Malou."Nagbilin si Senorito Ceddie na asikasuhin ka kaya kaming bahala sa'yo,"

May isa pang kusinera ang naghanda ng pagkain niya.

"Kaya ko na po 'yan," aniya.

"Hindi, trabaho ko po ito,"

"Si Cedric po nasaan?"

"Nasa rancho kasama ng mga trabahador o baka nasa kapehan. Wag kang mag-alala, makikita mo din 'yon mamaya,"

Kung pwede nga lang sanang hindi ko na siya makita,

Pagkatapos niyang mag-almusal ay nagpaalam siyang mamasyal pero ang totoo ay hahanapin niya ang daan pauwi. Bahala na, basta aalis siya doon.

NAPAMAANG siya. Napakalawak ng rancho, sa'n siya nagsisimulang hanapin ang daan?

Sabi ko nga 'di ba, bahala na?

Naglakad-lakad na siya pero hindi niya maiwasang pagmasdan ang paligid. Napakaganda ng rancho at masarap sa pakiramdama ang simoy ng hangin.

"Irene,"

Napalingon siya at nakita niya si Ceddie na nakasakay sa itim na Stallion and yes, he looked magnificent on top of it. Pero pakialam ba niya? Mas importante pa ba iyon kaysa makauwi siya?

"You want a tour?"

"Mas gusto kong umuwi!"

"Pauwiin lang kita kapag sinabi mo na sa 'kin kung nasaan si Raffy,"

"Hindi ko nga sasabihin sa'yo, 'di ba?" angil niya.

"Nakakabilib naman ang loyalty mo sa kanya,"

"Problema mo na 'yon!"

Nagpatuloy siya sa paglakad habang pinabagal naman ni Ceddie ang takbo ng kabayo nito para masundan siya.

"Irene, mapapagod ka lang,"

"Eh ano ngayon? Ako ang mapapagod hindi ikaw!"

"Do you really think na hahayaan kita?"

"Problema mo na 'yon sabi!"

Kung bakit kasi napakailap ng hinahanap niyang daan sa paningin niya.

"Bahala ka. Basta sinabihan na kita, ha?"

Pinandilatan lang niya ito.

NAPAGOD na siya kakalakad pero hanggang doon pa rin siya sa parteng sakop ng rancho.

"Pagod na 'ko.. ." sabi niya at napasalampak sa putol na kahoy sa tabi ng daan.

"Wag mong sabihing hindi kita binalaan?"

"Hindi kita kinakausap diyan!"

"Bumalik na tayo, Irene,"

"Ikaw na lang kung gusto mo!"

"Wag na ngang matigas ang ulo mo," may pagkainip nang sabi ni Ceddie.

"Ibalik mo na kasi ako sa 'min para wala nang problema!"

"Hindi nga pwede, 'di ba?"

"At sino ka para sabihin 'yan? Pabayaang mo na nga lang ako, Montreal! Kahit kailan hindi kita pagkakatiwalaan!"

"Ah, talaga?"

Bumaba ng kabayo si Ceddie at hinila ang dalaga sa braso patayo.

"Bitawan mo nga 'ko!"

"Sabihin mo nga sa 'kin, kung wala kang tiwala sa 'kin, bakit mo hinayaang halikan kita nang ganun katagal?"

Nag-init ang pisngi ni Irene.

"Argh! Pinagsisisihan ko na 'yon!"

"Hindi nga? Seryoso?"

"Bitiwan mo 'ko!"

"Babalik na ba tayo o hahalikan kita dito mismo?"

"Ano'ng--"

Napasinghap siya nang hapitin siya nang binata sa beywang.

"Irene, seryoso ako,"

"Hindi nga ako sasama sa'yo--"

Naputol ang sasabihin niya nang sinakop nito ang mga labi niya.

Nanlaki ang mga mata niya.

"Ano?" nanunuksong tanong nito.

"Hindi kita mapapatawad kahit kailan!"

"Akin nang kamay mo. Tutulungan kitang sumampa sa kabayo."

Wala na siyang nagawa kundi ang sumunod.

PATAGILID siyang naupo at kinakabahan siya. Nasa likuran niya si Ceddie na hawak-hawak ang tali ng kabayo. Kakaiba ang nararamdaman niya dahil sa pagkakadikit nila ng mga sandaling iyon. Actually, ganoon ang pakiramdam niya everytime na magkalapit sila.

"Kinakabahan ka ba?" tanong ni Ceddie sa kanya, his voice, soothing.

"Ano ba sa tingin mo? First time ko kaya 'to,"

"Sumandal ka kasi,"

"A-ano?"

"Sumandal ka sa 'kin,"

At ito pa mismo ang kumabig sa kanya.

"Now, relax. Walang mangyayari sa'yo. Trust me,"

"Imposible yata 'yang sinasabi mo,"

"Pwede ba?"

"Nagiging honest lang ako," anang dalaga.

Napansin niyang iba ang daang tinatahak nila.

"Teka, sabi mo babalik na tayo?"

"Mamaya na. Tatal naman nandito na tayo, ililibot kita sa paligid ng rancho. Kaya magbehave ka,"

Hindi siya tumugon. Itinuon niya ang pansin sa kapaligiran. Ilang sandali pa, nagsalita ulit si Ceddie.

"I don't expect anyone to like me noon pa man kaya hindi na 'ko nagulat sa reaksiyon mo sa'kin. Maybe I'm that no-good kaya sa 'min ng kapatid ko, si Raffy ang paborito ng dad namin. Kahit ikaw alam na mabuti siyang tao. Siya na 'yong mabait, siya na 'yong mabait, 'yong matalino, 'yong responsable, 'yong masunurin, at higit sa lahat, 'yong perfect na anak. He's everything I'm not kaya pa'no nga naman ako ipagmamalaki ng tatay namin?"

"Sinunod ko ang gusto ko kaya lalo siyang nagalit sa 'kin. Naisip ko kasi hindi ko naman siya kailangang i-please but then iba pa rin talaga kapag nare-recognize ka ng magulang

mo. Minsan tuloy naisip ko sana ako na lang si Kuya Raffy para maging okay din kami ni Dad but I know I will always be the son he didn't have. Kaya nga mas pinili kong malayo sa kanila at mamuhay nang mag-isa.

"Wala na dapat sana ako ngayon dito. After my brother's wedding, babalik na 'ko ng States pero pinigilan ako ni Dad at ang sabi niya, ako daw ang maghahanap kay Kuya. Siyempre, gusto ko siyang mahanap para makaalis na 'ko dito. Oo alam ko, pakialam mo nga naman sa kwento ng buhay ko pero kasi wala na 'kong ibang masabihan. Maybe magpi-pretend na lang ako na nakikinig ka para naman hindi ako magmukhang sira but you can tell me to shut up kung naririndi na tenga mo,"

Wala siyang nakuhang sagot mula kay Irene kaya nagpatuloy siya sa pagsasalita.

"I won't mind kung matutulog ka. Pwede mo 'kong tulugan pero wag mo 'kong tatakasan kasi ibang usapan na 'yon. Ngayon alam mo na kung bakit ganun na lang ako ka-desididong hanapin siya,"

Hindi siya makapaniwala. Cedric just confessed about his life story to her. Does that mean he trusts her or tactic niya lang ito para makuha nito ang tiwala niya?

"Cedric, parang tunay na kapatid ko na din si Kuya Raffy. Oo napakabuti niyang tao. Ayoko siyang mahanap ng kung sino para pilitin lang uli siyang magpakasal sa babaeng hindi naman niya mahal at paakuin ng hindi naman niya responsibilidad. Masasaktan ulit ako kapag nangyari 'yon. Ganun siya kaimportante sa 'kin,"

"Just this once, Irene, believe me, hindi ako ganun kasamang kapatid."

Chapter Five

"**WALA** ba sa 'yo...'yong cellphone ko?" tanong niya kay Ceddie nang bumalik na sila sa mansyon.

"Wala. Hindi ko nakuha so I thought na hindi mo dala,"

Kung ganu'n naiwan niya sa bahay nila?

"Kailangan na kailangan ko kasi 'yon. Kailangan kong i-check ang orchidarium, kailangan kong makausap si Nanay,"

"At kailangan mong makausap si Kuya. Sige, I'll provide for you or pwede mong gamitin ang telepono ng mansiyon,"

"Salamat,"

"Pumasok ka na sa loob,"

"I-ikaw?"

"Susunod na lang ako. May kailangan lang akong puntahan,"

Tinalikuran na nga niya ito at tuloy-tuloy na pumasok sa loob.

"Natagalan ka yata sa pamamasyal , Irene. Nalibang ka siguro, ano?" si Manang Malou.

"Opo. Ang ganda po pala ng rancho,"

"Halika na kumain ka na ng tanghalian mo,"

"Mamaya na lang po siguro,"

"Baka naman nagugutom ka na?"

"Susunod po ako kapag nakatawag na 'ko sa orchidarium," nakangiti niyang sagot.

"Ikaw ang bahala, hija. Masarap ang ulam ngayon,"

Nakita niya ang telepono sa sala.

"Vicky,"

"Miss Irene!" anas ng assistant niya. "Nasan ho kayo? Two days na po kayong 'di nagre-report sa Selina Amanda, ah?"

"Mahabang istorya, Vicky,eh. Kamusta diyan?"

"Wala naman pong problema. Tuloy-tuloy lang po ang pasok ng mga orders. At hinahanap nga po pala kayo ni Sir Sean,"

"Ni Sean?" gulat na ulit niya.

"Opo, nandito nga kaninang umaga,eh,"

"Naku, ikaw na lang ang bahalang magtaboy sa kanya. Kung may problema man, ah, basta tatawag na lang ako, ha?"

"Nasa'n ho ba kasi kayo?"

"May emergency kasi,eh. Basta ikaw na muna ang bahala sa Selina Amanda, ha? Ikaw lang ang pwede kong asahan diyan,"

"Okay, Miss, walang problema,"

"Sige tatawag na lang ako ulit,"

Ang Kuya Raffy naman niya ang sinubukan niyang kontakin.

"Kuya, sagutin mo, please,"

Nabigo siya. Out of reach ito. Sinubukan niya ulit pero wala pa rin.

Ano na ba ang nangyari dito? Alalang-alala na siya. Nakarating ba ito ng Baguio nang ligtas? Nakita na kaya nito ang hinahanap nito? Sana naman okay lang ito.

"Nay,"

Si Aling Cynthia naman ang tinawagan niya.

"O, anak. Naiwan mo ang cellphone mo dito sa bahay, paano ka diyan ngayon?"

Sabi na nga ba niya at naiwan niya.

"Ah, eh, hindi bale na po. May telepono naman po dito sa orchidarium,eh. G-gusto ko lang masiguro na diyan ko lang naiwan ang cellphone ko. Akala ko kasi nawala,eh."

"Gusto mo bang ihatid ko diyan?"

"W-wag na po, Nay! Okay lang,"

"Pa'no kung tumawag ang Kuya Raffy mo?"

"Ako na po ang bahala do'n, Nay. Alagaan niyo po ang sarili niyo diyan, ha? Mahal kita, Nay,"

"Mahal din kita, anak. Ingatan mo din ang sarili mo,"

Kahit papaano nabawasan na ang alalahanin niya. Si Raffy na lang ang kailangan niyang makausap.

"**UMAMIN** ka, pinsan. Bukod sa alam niya kung nasaan si Raffy, kaya mo siya dinala diyan ay dahil may tama ka na sa kanya, 'no?" nanunuksong sabi ni Ziggy sa kabilang linya.

"Ano? At ano naman ang alam mo do'n? Tama-tama ka diyan. Tamaan ka sa 'kin,eh,"

"Eh 'yon ang tawag nila do'n,eh,"

"Bakit, may tama ka na din ba sa wakas?"

"Excuse me, magaling yata akong umilag. Pero aaminin ko sa 'yo, naghahanap ako ng matinong babaeng pwedeng magpanggap na girlfriend na ihaharap ko kay Granny. Sana tumama na 'ko this time,"

"Well, good luck sa'yo,"

"But hey, ipahiram mo kaya muna sa 'kin 'yang si Irene? Don't worry, isasauli ko naman siya. Payag ka ba, 'insan?"

"Kahit pinsan kita, hindi ako magdadalawang-isip na saktan ka," mariing sabi niya.

Pagdating kay Irene, kakalimutan niyang magkadugo sila.

"Okay. Confirmed,"

"Confirmed ang alin?"

"Na may tama ka nga kay Irene. Hindi naman ako seryoso dun sa sinabi ko,eh. After you're brother, you're next,"

"No, nauna ako sa'yo. After my brother, you're next. After you, let's see kung ako nga,"

"Wow, swerte ni Thirdy siya ang panghuli,"

PARA sa isang lalaking taglay na yata ang lahat, hindi niya akalaing may mga insecurities din pala si Cedric. Hindi mawala sa isip niya ang mga sinabi nito kaninang umaga. Tama nga siguro ang sinasabi nila na hindi naman lahat ng mayayaman masaya. Nagpapanggap lang siyang hindi interesado kanina pero ang totoo kinurot ang puso niya.

Siguro naman walang masama kung kikilalanin pa niya ito. Alam niyang kailangan nito ng kaibigan sa mga pagkakataong ganito.

Just this once, Irene, believe me, hindi ako ganun kasamang kapatid...

Ibig bang sabihin nito sa sinabi nito ay handa itong tumulong sa Kuya Raffy niya? Sana nga. Ang problema, paano ba niya ito masasabihan gayong hindi niya ito ma-contact? Mukhang wala siyang choice kundi ang manatili doon kasama si Cedric.

Sana naman magkaroon ng silbi ang pananatili niya doon at sana pwede nga niyang pagkatiwalaan ang binata.

Pero pwede rin kayang pati puso niya ipagkatiwala niya dito.

HINDI rin sira ang pinsan niya. Sabihan ba naman siyang may tama daw kay Irene? What made Ziggy say that? Por que ayaw lang niyang madamay si Irene sa kalokohan nito? But how would he know? Hindi pa siya nagkakagirlfriend and definitely hindi pa nai-in love dahil wala sa plano niya iyon.

Ang alam lang niya, he finds her beautiful being the simplest girl he had ever known. He likes her innocence. He likes her voice, her feel against his, her attitude and her lips. Si Irene ang pinakaunang babaeng hinalikan niya at sa likod ng utak niya, gusto niyang maulit iyon.

Sapat na ba ang mga dahilang 'yon para sabihing may tama na nga siya dito?

And she's always in my mind. She may hate me but do I have a choice?

Dinampot niyang muli ang paintbrush at humarap sa canvass. Kailangan niyang matapos ang ginagawa niyang iyon para sa taong gusto niyang pagbigyan.

KUNG nasa Baguio lang si Raffy kahit hindi niya ito ma-contact, posible kayang may idea si Ceddie kung saan ito doon? Dapat na ba niyang sabihin ang nalalaman niya para hayaan na siyang umuwi nito? Pero ano naman kaya ang posibleng kahihinatnan ng lahat? Hindi siya sigurado kung mapapabuti si Raffy. Isa pa may pangako siya dito na walang dapat makialam kung nasaan ito.

Pero kapatid niya si Ceddie.

Nahihirapan na siyang magdesisyon sa sobrang gulo ng sitwasyon. Ang siguruhin muna niya dapat sa ngayon ay ang ma-contact si Raffy. Sana lang ay okay lang ito.

"Cedric," aniya sa binata nang magkita na sila sa mansiyon.

"Yes, Irene?"

"Hindi ako sigurado kung may maitutulong ba 'ko sa'yo. Bukod sa hindi pa 'ko lubusang nagtitiwala sa'yo, hindi ko ma-contact si Kuya Raffy at hindi ko alam kung kamusta na ba siya. Talaga bang mananatili ako dito? Kailan mo ba 'ko ibabalik sa 'min?"

"I thought malinaw ang napag-usapan natin. You can't leave unless sasabihin mo kung nasa'n siya,"

"Hindi ko talaga alam,"

"Then kontakin mo siya nang kontakin hanggang sa malaman mo kung nasaan na siya at kung kamusta na siya. Here,"

Inabutan siya nito ng cellphone.

"Gamitin mo 'to. Hangga't hindi pa siya ma-contact, dito ka muna. Pareho tayong walang choice, Irene. At hindi kita hahayaang mawala sa paningin ko,"

"Kailangan mo talagang gawin sa 'kin 'to?" mapait niyang tanong.

"I have to do this. And the sooner na mahanap si Kuya, the better. Hindi ko na kayang manatili sa lugar na 'to. Gustong-gusto ko nang magpakalayo-layo kaya lang hindi ko kayang nakikitang nahihirapan ang Mom namin. Ang hinihiling ko lang, ibigay mo sa 'kin ang tiwala mo at tulungan mo 'ko. Please, Irene?"

She can see the sincerity in his eyes. Ito na ba ang tamang pagkakataon para magtiwala siya dito?

"**HUWAG** niyo na lang ho kayang ituloy, Sir? Delikado po,eh. Wala ni isa man sa amin ang nangahas sakyan 'yang kabayong 'yan," babala ng stable boy kay Ceddie nang pilitin niyang ilabas ang kabayo ng Lolo niya.

"Manong, kaya kong paamuhin si Clover. Magtiwala kayo sa 'kin. Nagawa ko na 'to dati," confident na sabi naman ni Ceddie.

"Kayo po ang bahala, Sir," napakamot na sabi ng stable boy at binuksan ang kwadrang kinaroroonan ng stallion na si Clover.

Ang mga trabahador ng rancho ay nahinto sa mga ginagawa dahil hindi nila inakalang may maglalakas-loob ilabas ang kabayong 'yon.

Mabangis si Clover at madalas itong magwala. Tanging ang matandang Alejandro Montreal I lang ang may kakahayang sumakay dito kaya kapag wala ang Don sa rancho, hindi nailalabas si Clover.

"Ano ho ang nangyayari?" tanong ni Irene nang lumabas siya ng mansiyon para sana magpahangin.

"Eh si Sir Cedric po kasi, eh. Natatakot po kami. Sasakyan daw niya si Clover kahit delikado,"

"Pero magaling naman po siyang mangabayo, hindi ba?"

"Magaling nga siyang kabayo pero hindi po basta-basta 'yang si Clover. Mabangis po 'yong kabayong 'yon. Halos lahat kami nahulog na sa kanya. Ang lolo lang po nila ang kayang sumakay dun,"

Nanlaki ang mga mata niya.

"Ho? Baka mapano po siya!"

Dali-dali siyang lumapit sa kinaroroonan ng binata.

"Cedric!"

"Hi!" anito kahit nagsisimula nang magwala si Clover.

What the hell is he up to?

"Ano'ng ginagawa mo?!"

"Kaya ko 'to, Irene. Sisiw lang 'to,"

"Bumaba ka na diyan, delikado!"

"Kaya ko 'to!"

Ang tigas din pala ng ulo nito. Balak pa siya nitong pag-aalalahanin.

Ilang sandali pa tumigil na din sa pagwawala si Clover at si Ceddie ay steady pa ring nakasakay dito.

"Did you see that?" nakatawang sabi nito.

Kahit na. Nag-aalala pa rin siya para dito. Marami naman kasing kabayo ang nandito sa rancho pero iyon pa ang napili nitong sakyan.

"DUMATING na ba ang doktor?"

"Malapit na daw po,"

"Sabihin mo bilisan pa niya!"

"O-opo!"

Nataranta ang lahat ng mga tao sa hacienda. Kahit nakuha nang paamuhin ni Ceddie ang kabayo ay inihulog pa rin siya nito. Habang pinapatakbo nito ang kabayo ay biglang dumaan ang isang kuneho sa damuhan dahilang para magwala uli si Clover. This time hindi na ito nakontrol ng binata dahilang para mahulog siya.

"M-magiging okay naman ho si Ceddie, 'di ba?"

Nanginginig ang buong katawan ni Irene habang nakikita ang duguan at walang malay na binata. Pakiramdam niya ay mabubuwal siya kahit anong oras.

Kung sana kasi nakinig lang ito sa mga trabahador kanina hindi sana ito nangyari.

"Magiging okay siya, Irene. Magiging okay din siya,"

Dinala nila sa silid nito ang binata hanggang sa dumating na ang doktor.

May malalim na sugat si Ceddie sa tagiliran. Binigyan ito ng doktor ng pampatulog at nilagyan ng benda ang sugat nito.

"Kamusta po siya, Doc? Bakit hindi ho natin siya dinala sa ospital?" tanong niya.

"Cedric will be fine. Nagmana siya sa Lolo niyang ayaw sa mga ospital kaya ganun. But since hindi biro ang sugat na natamo niya, nag-iwan ako ng mga gamot na kailangan niyang inumin kapag nagkamalay na siya. Bilang nobya niya, aasahan kong aalagaan mo siya,"

"Hindi ho niya 'ko nobya pero aalagaan ko po siya,"

"Ah, hindi ba? Sobra kasi ang pag-aalala mo sa kanya kaya akala ko. I'm sorry, hija. Bueno, itsi-check ko pa rin ang kalagayan niya from time to time. Kung may problema, tawagan niyo lang ako,"

"Opo, Doc,"

"Good. So pa'no, mauuna na 'ko. Cedric's a tough guy. Walang mangyayaring masama sa kanya,"

Inihatid ni Irene si Dr. Sison sa labas ng mansiyon. Kung tutuusin, pwede siyang sumama dito palabas ng rancho para makabalik na siya sa kanila at magagawa niya iyon nang walang kahirap-hirap kung gugustuhin niya.

Pero hindi niya gagawin iyon. Kailangan siya ni Ceddie ngayon at kahit hindi niya gusto ang trato nito sa kanya, hindi niya ito iiwan. Hindi ngayon.

Bumalik agad siya sa silid ng binata.

"Cedric," umupo siya sa gilid ng kama at hinawakan ang kamay nito.

He was half-naked and still unconscious.

"Magpagaling ka, babantayan kita,"

"Irene, hija," si Manang Malou na pumasok.

"Manang,"

"Hindi ka pa kumakain mula kanina. Bumaba ka muna,"

"Hindi pa naman po ako nagugutom. Dito na lang muna 'ko. Babantayan ko po si Cedric,"

"Magigising din siya, magtiwala ka,"

"Opo,"

Pinagmasdan niya ang mukha ni Ceddie. Kahit buong araw niyang gawin iyon, hindi siya mapapagod.

KAILANGAN nang palitan ang bandage ni Ceddie pero hindi pa din ito nagigising. Nagpasya si Irene na siya na lang ang gagawa niyon dahil marunong naman siya kahit papaano. Buti na lang at may first aid kit sa mansyon.

Umupo siya sa gilid ng kama at dahan-dahang tinanggal ang benda nito.

"Dahan-dahan, masakit 'yan,"

Napapisik siya nang magsalita ito. Thank God, gising na ito.

"Kamusta na ang pakiramdam ng matigas ang ulo?"

"Nawalan ba 'ko ng malay nang bumagsak ako?"

"Oo, sa malas nagising ka pa,"

"Bakit nandito ka pa?"

"Oras na para palitan ang benda mo,"

"I mean bakit nandito ka pa sa rancho? Bakit hindi mo sinamantala ang pagkakataong tumakas? Hindi kita mapipigilan dahil sa kalagayan ko,"

Ipinagpatuloy ni Irene ang pagtanggap sa benda nito.

"Hindi naman ako ganun kasama para pabayaang ka,"

"I don't deserve your kindness,"

"Ano ba ang pinagsasabi mo diyan?"

Kumuha siya ng bulak at nilagayan iyon ng alcohol.

"Sabihin mo lang kapag mahapdi, ha?"

"Kaya kong indahin 'yan. Parang sugat lang,"

"Wag ka ngang umasta na parang wala kang pakiramdam,"

"Hindi ba 'yon naman ang tingin mo sa 'kin?"

"Aaminin ko sa'yo para sa'kin wala kang puso. Puro sarili mo lang ang iniisip mo,"

Wala daw siyang puso at makasarili pa. Bakit ganun? Kapag si Irene ang nagsasalita naaapektuhan siya samantalang kung ang daddy naman niya ang dali lang para sa kanya na palampasin iyon.

"Hindi na bago sa'kin 'yon," anang binata.

"Ikaw naman kasi. Napahamak ka tuloy,"

"Nag-alala ka ba sa'kin?"

"Lahat naman nag-alala sa'yo,"

"Hindi naman ako mahuhulog kung hindi dahil sa kunehong 'yon,eh,"

"Ang sabihin mo, kung hindi ka na lang sana nagpilit sumakay,"

"Hindi naman grabe,eh,"

"Kailangan mo nang uminom ng gamot," paalala ni Irene.

"Ayoko ng gamot, ni ayoko nga sa ospital,eh,"

"Cedric, 'wag nang matigas ang ulo mo,"

"Pwede ka rin palang nurse, 'no?"

Gumalaw siya at sumandal sa headboard.

"Teka, dahan-dahan lang," ani Irene at inalalayan niya ito.

"Hindi ka dapat lumalapit nang ganito sa 'kin,"

"Bakit?"

"Lagi na lang kasi akong natutuksong halikan ka,"

Nag-init ang pisngi niya at iniwas ang tingin dito.

"Maiwan na nga kita,"

Nang makita pa niya itong ngumisi ay dali-dali siyang tumayo at lumabas ng silid.

Kung alam lang nito ang totoo. Hindi talaga siya nagsisisi na hinalikan siya nito.

"**DINALHAN** kita ng pagkain," aniya nang pumasok sa kwarto ni Ceddie nang hapon na.

Buong araw lang itong nasa kwarto nito habang siya naman ay nagpasyang ipagluto ito para naman may pagkaabalahan siya.

Nagsi-sketch ito habang nakaupo sa kama.

"Akala ko tinakasan mo na 'ko,"

"Kumain ka muna,o. Minatamis na camote. Masarap 'yan,"

"Ikaw ang nagluto?"

"Pero walang lason 'yan,"

Inilapag ni Ceddie sa kama ang sketchpad at ang lapis nito at tumikim sa dala niya.

"Matamis, 'di ba?" aniya.

"Hmm," ani Ceddie na napaisip."Mas matamis pa ang mga labi mo dito,eh,"

Nanlaki ang mga mata niya.

"Ceddie!"

"Totoo naman,ah?"

Nagsimula na namang mag-init ang pisngi niya.

"Pervert!"

"Hindi ako pervert, ako si Ceddie," at tumawa pa nang nakakaloko ang binata pero agad din itong napangiwi."Ouch,"

Nasapo nito ang tagiliran.

"Buti nga sa'yo," at si Irene naman ang natawa.

Chapter Six

"IRENE?"

Agad na binuksan ni Irene ang pintuan ng silid niya nang marinig ang boses ni Ceddie.

"Cedric," aniya. "Bakit ka umalis ng kwarto mo?"

lika-ika pa ito sa pagkilos.

"May gusto kasi akong sabihin sa'yo,eh. Naistorbo ba kita?"

"Hindi naman. Pero sana pinatawag mo na lang ako,"

"Bakit ba tinatrato niyo 'kong lumpo? May sugat lang ako. That doesn't mean na disable na 'ko,"

"Hindi naman sa ganun. Kaya lang kasi paano ka mabilis na gagaling? Ano ba ang gusto mong sabihin?"

"Pwede mo ba 'kong samahan mamasyal sa coffee farm bukas? Kung okay lang sa'yo,"

Hindi niya alam kung bakit pero napangiti ang dalaga.

"Yon lang pala,eh. Walang problema,"

"Thank you," he said shyly.

"Matulog ka na. Ihahatid na kita sa kwarto mo,"

Hinawakan niya si Ceddie sa braso at iginiya papunta sa silid nito na karugtong lang ng silid niya.

"Dahan-dahan lang,"

"Kaya ko naman,eh--aray," nasapo na naman nito ang tagiliran nito.

"Wag nang matigas ang ulo mo kasi,"

Binuksan niya ang pinto at inalalayan pa itong maupo sa kama.

"Masakit ba talaga ang sugat mo?" alalang tanong niya.

"Konti. Sige na, matulog ka na din. Okay na 'ko dito,"

"Sigurado ka, ha? Kung may kailangan ka katukin mo lang 'yong dingding,"

"Hindi na kailangan. Goodnight, Irene,"

"Goodnight, Cedric,"

Naupo muna siya sa gilid ng kama para kumutan ang binata na tila batang paslit. Tapos nagulat siya nang hawakan siya nito sa pisngi at dinampian ng mabilis na halik ang noo niya.

"I'm sorry kung idinamay kita. Wala din sa plano ko 'to. Sige na, you may go."

"CEDRIC, gising ka na ba?"

Binuksan niya ang silid nito para lang matigilan nang datnan itong walang pang-itaas habang naghahalungkat ng damit sa cabinet.

"Hi, good morning," anito nang malingunan siya.

"S-sorry," aniyang nag-iwas ng tingin.

Hindi siya sanay na nakakita ng lalaking walang pang-itaas lalo pa at ganito ka tipuno ang katawang makikita niya umagang-umaga.

"Para saan?"

"Hindi ko alam na nagbibihis ka, sorry,"

"Ngayon ka lang nakakita ng lalaking topless?" amused na tanong naman ng binata.

"Bumaba na tayo para makapag-breakfast ka na,"

"Sige sandali na lang 'to,"

Sa labas na lang siya naghintay. Napahugot siya ng malalim na paghinga.

Ano ka ba naman, Irene? Parang nakita mo lang siyang walang pang-itaas,eh!

"DAHAN-dahan lang," sabi ni Irene habang inaalalayan niya ang binata pababa ng hagdan.

"Irene, ang sugat ko nasa tagiliran wala sa binti," sabi naman ni Ceddie.

"Mahirap nang hayaan kitang bumaba mag-isa. Baka mamaya mahulog ka pa edi isipin pa nilang itinulak kita,"

"Bakit nga ba hindi mo na lang ako itinulak para makatakas ka na?"

Tumaas ang kilay ng dalaga.

"Nagsa-suggest ka?"

"Ang sweet niyo namang tingnang dalawa," pansin ni Manang Malou na abot-tenga ang ngiti nang dumulog na sila sa hapag-kainan.

"Inaalalayan ko lang po 'tong si Cedric, Manang. Baka kasi mapano na naman,eh," ani Irene na hindi maitago ang pamumula.

"May nobyo ka na siguro, hija?"

"W-wala po, Manang. 'Yong tamang lalaki kasi, hindi pa yata siya dumadating,"

"Baka naman dumating na hindi mo lang namalayan. Malay mo nasa tabi-tabi lang siya, o di kaya nasa kanan mo na pala,"

Napayuko siya. Sino ba ang nasa kanan niya kung hindi si Ceddie? Nagma-match make ba si Manang Malou sa kanilang dalawa?

"Tingin niyo kaya Manang 'yong tamang babae para sa 'kin nasa kaliwa ko lang din?" pasakalye naman ni Ceddie.

Lalong nag-init ang pisngi ni Irene kaya hindi niya maidiretso ang tingin. Bakit ba siya nagkakaganito?

"A-alam mo sa tingin ko dapat kumain na tayo para maaga tayong makaalis," pag-iiba na lang niya.

NILAKAD lang nila ang papuntang coffee farm dahil malapit lang ito. Halos karugtong lang ito ng rancho. Ang alam ni Irene mayaman ang Kuya Raffy niya. Hindi naman niya inakalang ganito pala kayaman ang angkan nito.

"Nahihirapan ka ba dahil sa 'kin?" tanong sa kanya ni Ceddie kaya mula sa paligid ay nalipat dito ang tingin ni Irene.

"Hindi. Naiinis lang ako dahil napahamak ka dahil sa katigasan ng ulo mo,"

"So nag-alala ka nga sa 'kin?"

"Eh ano naman ngayon?"

"Wala. Natutuwa lang ako," and he let out a boyish smile.

"Natutuwa kang napahamak ka?"

"Hindi. Natutuwa ako na nag-alala ka sa 'kin at ewan ko kung bakit," tapos ay kinuha nito ang kamay niya at pinaghugpong pa ang mga daliri nila. "Ang alam ko lang natutuwa ako,"

Umingos siya.

"Maluwag din turnilyo mo,eh, 'no?" pakli naman niya.

She was surprised with herself. Hindi niya hinila ang kamay niyang hawak nito. Kasi kahit siya, she just wanted it that way.

Pakiramdam kasi niya, it makes her feel safe.

"Magandang araw po, Sir Ceddie. Kamusta na po ang kalagayan niyo?" tanong ng isang trabahador sa binata.

"Medyo okay na ho. Excited na nga akong gumaling para sakyan ulit si Clover,"

Nagtawanan pa ang mga ito.

"Nakuha mo pa talagang magbiro?" ani Irene.

"Sanay na ang mga tao dito sa 'kin. Ikaw para kang concerned na girlfriend,"

"Hindi, ah!"

"Ang sarap mo siguro maging girlfriend,"

Umirap lang ang dalaga para itago ang pamumula niya.

NADATNAN nila ang ilang trabahador na namimitas ng mga coffee cherries dahil panahon pa ng anihan iyon.

"Nakakatuwa naman silang tingnan," napangiting komento ni Irene.

"Sila ang sekreto ng pinakamaunlad at pinakamalawak na coffee farm sa Batangas," sabi naman ni Ceddie.

"Good morning, Sir Ceddie," sabi ng isang dalagang halos kaedad lang ni Irene. "Good morning, Miss.. ."

"Irene," sagot naman ni Irene at nginitian ang babae. "Tawagin mo na lang ako, Irene,"

"Ako naman si Leanne. Anak ako ng isa sa mga trabahador dito. Ikinagagalak kong makilala ang girlfriend ni Sir Ceddie,"

"At hindi ako girlfriend ni Ceddie," awkward na pagtatama ng dalaga.

"Hindi ba?" apologetic namang sabi ni Leanne na nakatingin sa magkahugpong na kamay nila ni Ceddie. "Pasensiya ka na kung ganun,"

"Leanne, nasaan si Uncle?" tanong naman ni Ceddie.

"Tamang-tama, Sir. Nasa nursery lang po siya sakaling hanapin niyo. Tara po sasamahan ko kayo,"

"CEDRIC."

"Uncle,"

Nagkamayan agad ang dalawa nang makarating sila sa nursery kung saan inihahanda na ng mga trabahador ang mga punlang pwede nang itanim.

Ipinakilala si Irene ni Ceddie kay Alejandro Montreal II, kapatid ito ng ama nila ng Kuya Raffy nito. Ito naman ang namamahala sa buong coffee farm.

"Don't tell me she's not your girlfriend, Cedric," ani Alejandro na nakatingin sa mga magkahawak pa rin nilang kamay.

Kanina pa naiilang si Irene kaya lang si Ceddie itong ayaw bumitaw and she found it sweet.

"Hindi pa. Pero malapit na, Uncle,"

"Aba'y 'wag mo nang patagalin. Mahirap nang humanap ng mga kagaya ni Irene na maganda na eh mukhang mabait pa,"

Nahihiyang ngumiti si Irene nang ngitian siya ni Alejandro. Hindi kasi siya sanay na pinupuri lalo na sa pisikal.

"Kamusta na ang sugat mo, hijo? I wasn't here nang mabalitaan kong inihulog ka ni Clover," tanong pa nito nang ipasyal sila nito sa planta.

Doon daw dinadala ang mga na-harvest na kape for the wet process kung saan tinatangal ang balat ng kape hanggang sa buto na lang ang matira.

"Okay na 'ko, Uncle. Hindi naman grabe,eh. Magaling yata ang nurse ko," sagot ni Ceddie at sumulyap pa sa dalaga.

"Tamang-tama. Sakyan mo uli siya kapag gumaling ka na," biro naman ng matandang Montreal na ikinatawa nila maging ni Leanne na sumama din.

"Ano'ng ginagawa nila?" tukoy naman ni Irene sa mga trabahador na ibinubuhos ang mga naaning kape sa malaking lalagyan na may lamang tubig.

"Wet processing ang paraan na ginagamit namin dito. Bago yong pulping hinihiwalay muna namin ang mga magagandang klase ng bunga sa hindi. Kapag lumutang 'yong bunga, ibig sabihin ihihiwalay na 'yon," paliwanag ni Leanne.

Napatango naman siya. Ang dami palang pinagdadaanang proseso ng mga buto ng kape bago humantong sa tasa ng mga umiinom nito.

"May balita na ba tungkol sa kinaroroonan ni Raffy?" narinig pa niyang tanong ni Alejandro kay Ceddie.

"Wala pa po, Uncle, pero malakas ang kutob ko na malapit ko na siyang makita,"

Kasunod niyon ay naramdaman niya ang pagpisil nito sa kamay niya.

"Kung ako ang tatanungin mo, iyon na yata ang pinakamaling desisyon na nagawa ng isang ama sa anak niya. I mean alam kong malaki ang pagkukulang ko kay Thirdy pero sisiguraduhin kong hindi ako ang magiging dahilan nang gulong papasukan niya. But of course, ayokong husgahan ang dad niyo,"

"I know, Uncle. Kung ako si Kuya baka nga ganun din ang gawin ko. Kaya nga desidido akong mahanap siya kasi gusto ko siyang tulungan,"

"Well, I hope na mahanap mo siya as soon as possible para hindi na tayo pinagpipyestahan ng media,"

"**KAPAG** natanggal na lahat at buto na lang ang natira, binibilad naman namin ito depende sa panahon. Kapag maganda, ibinibilad namin sa araw. Kung hindi naman, machine drying na lang," paliwanag pa ni Leanne.

"Hindi pala biro ang trabaho sa coffee farm, ano?" ani Irene. "At ang dami mong alam,"

"Tini-train ko na si Leanne para pamahalaan ang coffee farm, Irene. Plano ko na kasing magretire in the near future," si Alejandro.

"Kaya ba ni Leanne 'yon, Uncle, kahit mag-isa lang siya? I mean pwede naman nilang pagtulungan iyon ni Thirty," ani Ceddie.

"Unfortunately, Thirty's heart is not in this. Ayokong ipilit iyon sa kanya. And besides, malaki ang kumpyansa ko kay Leanne. Hindi niya 'ko bibiguin,"

Ngiti lang ang tugon ni Leanne.

"Tara na muna, naghanda ng meryenda ang mga taga-rito para sa 'tin. Nakakagutom naman talaga ang tour dito sa farm," ani Alejandro.

TUMULOY sila sa kubo na overlooking sa buong taniman ng kape. Ang ganda sa paningin ng mga pantay-pantay at luntiang hanay ng mga kape at ang mga mamula-mulang mga bunga nito.

"Para saan 'yang mga makinang 'yan?" tanong pa ni Irene sa malaking parang bakal na nakapagitan sa iilang hanay ng kape.

"Depende sa variety ng kape ang klase ng pag-ani namin dito. Kapag Arabica, kailangang mano-mano. Kapag robusta naman, ayon gumagamit kami ng ganyang makina. Halos lahat naman ng coffee farms sa mundo,"

"May pagkakaiba ba 'yong dalawang 'yon?"

"Mamaya ipapaliwanag ko sa'yo," nakangiting sabi ni Leanne nang dumating na ang meryenda nila.

"Gumagaling ka na nga, Leanne," komento ni Alejandro. "Tingin ko mukhang handa ka na,"

"Maraming salamat po, Sir,"

"Dito na rin kayo mag-lunch ni Cedric, Irene,"

Napatingin siya kay Ceddie na nakangiti habang nakatitig sa kanya. Iyong ngiting gusto niyang titigan kahit habang-buhay.

"Okay lang ba?" tanong niya.

"Basta ikaw,"

"Kamusta na ang sugat mo?"

"Hindi na ganun kasakit. Tingin ko nga gumagaling na,"

"Pero titingnan pa rin natin mamaya, okay?"

"Sure,"

They exchanged smiles at nagsimula na silang kumain ng mga masasarap na pagkaing nakahain.

"IKAW Irene, ano naman ang pinagkakaabalahan mo?" tanong sa kanya ni Leanne nang tulungan niya itong magligpit ng pinagkainan nila.

Iniwang muna nila sa kubo sina Alejandro at Ceddie.

"Manager ako ng orchidarium na pagmamay-ari ni Kuya Raffy. Pinalitan ko si Ate Jasmine nang magresign siya,"

"Wow! Alam mo mahilig din ako sa orchids. Si Nanay kasi may mga tanim din sa bahay."

"Kung ganun kapag may pagkakataon, pasyal ka dun sa Selina Amanda. Magugustuhan mo dun tiyak. Kaya lang tingin ko malayo 'yon dito sa rancho at sa farm."

"Okay lang. Matagal na rin naman akong hindi nakakalabas dito,eh."

"Walang problema."

"Kung hindi ka girlfriend ni Sir Ceddie, ano ka niya? Alam ko may something sa inyong dalawa na hindi ko maipaliwanag," nanunuksong sabi pa ni Leanne.

Hindi niya naiwasang mahawa sa ngiti ni Leanne. Kung alam lang nitong nandoon siya bilang kidnap victim pero tiyak na hindi ito maniniwala kapag sinabi niya.

"Magkaibigan lang kami ni Ceddie,"

"Ah, magkaibigan sa ngayon pero bukas magka-ibigan na 'yan panigurado,"

Tinawanan na lang niya ito.

HAPON na nang magpasya silang bumalik na sa rancho.

"Tara, palitan na natin 'yang bandage mo," sabi niya at inalalayan itong umakyat sa silid nito.

"Kailangan pa ba?"

"Siyempre naman. Pa'no ka mabilis na gagaling niyan?"

Pinaupo niya ito sa kama.

"Patingin nga,"

"Sure, Doc. 'Yon lang pala,eh," at inangat nito ang suot na t-shirt.

Bakit ba hindi ito nagmodelo? Aaminin niya, ang mga tipo ni Ceddie ang pangbillboard at magazines. He is absolutely sexy.

"Mabuti naman at hindi na dumudugo," aniya.

"Sabi ko naman sa'yo magaling na,eh,"

Kinuha niya ang first aid kit at tinanggal ang benda nito.

"Sabihin mo kapag masakit, ha?" aniya.

"Ano'ng akala mo sa'kin anak mo?" amused na sabi ng binata.

"Para ka kasing bata,eh. Hayaan mo na,"

"Thank you,"

"Para saan?" tanong ni Irene na bahagya itong sinulyapan.

"Para dito. Para sa pagsama sa 'kin kanina sa farm at sa personal na pag-aasikaso."

"Wala 'yon. Nag-enjoy naman ako kanina,eh. Nakalimutan ko ngang kidnap victim pala ako dito,"

She heard him chuckled.

"May sense of humor ka din pala,eh," anang binata.

"Nagulat nga ako,eh. Tumatawa ka din pala?"

Pagkatapos palitan ang bandage nito ay iniligpit na rin ni Irene ang first aid kit.

"Ano ang gusto mong gawin pagkatapos nito?" tanong ng binata.

"Inantok ako. Gusto ko sanang matulog. Eh ikaw?"

"Gusto ko sana kapag natulog ka tatabi ako sa'yo,"

Salubong ang kilay na napatitig si Irene kay Ceddie.

"Nagpapatawa ka?"

"No, I'm serious,"

"Wala kang gagawing masama sa'kin?"

"I'll try my very best,"

"Ano'ng I'll try? Upakan kita diyan,eh," angil naman ng dalaga at nahiga siya nang pahalang sa kama.

"Tabi tayo, ha? Kwarto ko naman 'to,eh."

"Sandali,"

Bumagon siya at naglagay ng mga unan sa gilid niya.

"Bakit may harang pa?" reklamo ni Ceddie.

"Naninigurado lang. Mahirap na,"

Dahan-dahan naman itong tumabi sa kanya at napagitnaan na nila ang mga unan.

"Yong sugat mo, ingatan mong 'wag maipit,"

"Okay na nga 'to. Alam mo na-realized ko, masarap din pala na may nag-aalala sa'yo,"

"For sure ang Mommy mo nag-aalala sa'yo,"

"Kaso ayokong nag-aalala sila ng Granny ko,"

"Hindi mo ipinaalam na naaksidente ka sa kabayo, 'no?"

"Hindi nga,"

"Selfish ka kasi,"

She was surprised when he took her hand and brought it to his lips. Magtatanong pa sana siya kaya lang ay nagpikit na ito ng mga mata. Napangiti pa siya bago ipikit din ang sariling mga mata.

NAGSIMULA nang magdilim sa labas nang maalimpungatan si Irene. Awtomatikong napatingin siya kay Ceddie. Gising na ito pero nanatili lang na nakahiga.

"Cedric, kanina ka pa gising?"

"Mga kalahating oras pa lang,"

"Ha?" anas niya. "Kanina ka pa pala gising tapos hindi ka man lang bumangon?"

"Wala pa 'kong gana,eh. Tsaka gusto ko pang pagmasdan ka habang natutulog,"

"Ano'ng ibig mong sabihin?"

"I've been watching you habang tulog ka,"

"Sira!" aniya at bumangon.

Si Ceddie naman, umunan pa sa mga palad nito.

"Totoo 'yon. Gusto pa nga sana kitang halikan kaso baka magising ka at upakan mo 'ko."

Dumampot siya ng unan at akmang ihahampas dito.

"Magsabi ka ng totoo, may ginawa kang masama sa 'kin, 'no?"

"Hoy, wala,ah! Takot ko lang na upakan mo nga 'ko. Tsaka maawa ka naman sa kalagayan ko,"

Inirapan niya ito. Idahilan pa talaga nito ang kalagayan nito?

"Bumangon ka na nga diyan, Cedric Montreal,"

"Ibaba mo muna 'yang unan mo,"

Ibinaba naman niya iyon.

"O, masaya ka na?"

Nagtangkang bumangon si Ceddie pero bigla na lang nitong nasapo ang tagiliran.

"Aray," sabi nitong napangiwi.

"Hoy, ayos ka lang?" ani Irene at mabilis naman itong dinaluhan.

"Hindi. I-kiss mo nga 'ko para maging okay na 'ko."

Walanghiya naman. Niloloko lang pala siya nito!

"Isa pa, Cedric Montreal, tatamaan ka na talaga sa 'kin!" paasik na sabi niya pero ang totoo naman ay matatawa na siya.

"Matagal na kaya 'kong tinamaan sa'yo,"

"Ano'ng sabi mo?"

"Wala. Ang sabi ko gusto ko nang bumaba,"

"Halika. Sabay na tayo,"

Matapos lang ng ilang araw ay tuluyan nang gumaling si Ceddie. Hindi na ito muling sumakay ng kabayo pero may pinupuntahan naman itong hindi alam ni Irene.

Tsini-check naman niya ang Selina Amanda from time to time at mabuti na lang ay wala namang nagiging problema. Iyon nga lang, nagsisinungaling siya sa Nanay niya dahil ayaw niyang mag-alala ito.

Umaasa siya na ma-contact na niya ang Kuya Raffy niya para maayos na ang lahat sa lalong madaling panahon.

Chapter Seven

"**IRENE**, hija, may itatanong ako sa'yo," si Manang Malou nang tulungan ito ng dalaga na magluto.

Wala si Cedric dahil may nilakad ito.

"Ano po 'yon?"

"Alam mo ba kung ano ang meron bukas?"

Napakunot-noo siya.

"Wala ho akong ideya,"

"Birthday ni Cedric bukas,"

"Talaga ho?"

"Tama ang narinig mo. Kaso ang napansin ko lang sa batang 'yon hindi nagsi-celebrate ng birthday niya, ewan ko ba. Special na araw dapat sa kanya iyon pero para sa kanya parang wala lang,"

"Salamat na rin po sa pagpapaalala, Manang. Hayaan niyo, mag-iisip ako ng pwedeng gawin para sa kanya,"

"Magsabi ka lang at tutulungan kita,"

"Sige po. Salamat po," malapad ang ngiting sabi niya.

Napaisip tuloy siya. Paano ba niya ito mabibigyan ng simpleng sorpresa?

INILIBOT ni Ceddie ang tingin sa buong kabahayan nang dumating siya. Nanggaling na naman siya sa art gallery pero pinaalala ng Mom at Lola niya na birthday niya kaya lumabas siya kasama ang mga ito kaya inabot siya ng gabi.

"Manang, nasaan ho si Irene?" tanong niya nang dumiretso siya sa kusina pagkagaling niya sa itaas.

"Wala ba doon sa kwarto niya?"

"Doon na po ako nanggaling,eh,"

"Bakit hindi mo puntahan doon sa likod ng mansiyon? Baka nandoon lang 'yong batang 'yon,"

Patakbo siyang pumunta doon. Ewan ba niya at may nagpanic sa loob niya nang hindi abot ng paningin niya ang dalaga.

"Irene!"

"Nandito lang ako, Cedric,"

Lumabas si Irene sa likod ng malaking puno at napalingon naman si Ceddie sa direksyon niya.

"Ang akala ko--"

"Happy birthday,"

Noon lang niya napansin ang hawak na cake ni Irene at may maliit pang nakasinding kandila.

"What?"

"Happy birthday sabi ko,"

"Pa'no mo nalamang birthday ko?"

"Sinabi ni Manang Malou. Sige na, magwish ka na tsaka hipan mo na 'tong kandila,"

Nailing na hinipan naman iyon ng binata.

"Happy birthday ulit!"

"Alam mo hindi talaga ako nagsi-celebrate ng birthday ko matagal na,"

"Bakit naman?"

"Wala kasi akong makitang rason para magcelebrate,"

"Cedric, dapat maging thankful ka kapag dumadating ang birthday mo."

"Okay. Pero alam mo, hindi ito ang ini-expect kong madadatnan. Ang akala ko talaga--"

"Na tinakasan na kita?"

"Oo," anang binata na napakamot sa kilay.

"Saka ko na lang iisipin 'yon, Cedric."

"Thank you so much, Irene. Hindi talaga ako sanay na may mag-effort para sa 'kin,"

"Masaya ka ba?"

"Oo naman. You're so sweet,"

"Wala 'yon,"

"Tara mangabayo tayo,"

Natigilan ang dalaga.

"Teka, hindi ba ang sabi ng doktor--"

"Irene, kaya ko na. Magaling na 'ko. Isa pa hindi naman si Clover ang sasakyan natin,eh."

Nagpadala na lang siya nang hilahin siya nito sa kamay.

"SALAMAT ulit para sa lahat,"

"Kanina ka pa nagti-thank you diyan. Tigilan mo na nga 'yan, Montreal," natawang pakli ni Irene habang tinatahak na nila ang malawak na damuhan.

Nagkataong maliwanag ang buwan kaya tuloy-tuloy lang sila habang sakay ng kabayo.

"Hindi naman kasi ako madalas magthank you sa mga tao sa paligid ko. Ayoko kasing may utang na loob ako,"

"Magkaiba nga kayo ng ugali ni Kuya Raffy pero Cedric, mas okay pa rin kapag nagpapakatotoo ka sa sarili mo. Wag mo rin sanang tingnan ang sarili mo na parang wala kang kwenta dahil hindi totoo 'yon."

"But you hate me,"

"Kasi hindi pa kita naiintindihan nu'n. Dahil hindi pa kita kilala. Hindi mo naman ako masisisi, 'di ba? Ikaw naman kasi,"

"Ano'ng ako?"

"Subukan mo ding buksan ang sarili mo sa ibang tao. Masarap sa pakiramdam kapag marami kang kaibigan."

"Mahirap yata 'yon,"

"Maniwala ka, madali lang. Nagawa mo na minsan, pwede pa ulit. At Cedric,"

"Ano 'yon?"

"Di por que hindi mo na-meet ang expectations ng Daddy mo sa 'yo masama ka nang anak. Ang ipinagkaiba natin siguro eh 'yong todo-suporta sa 'kin ang Nanay ko sa kung ano'ng gusto ko."

"Isa lang naman talaga ang gusto ko. Iyon 'yong sabihin din sa 'kin ni Dad na proud siya at naging anak niya 'ko,"

"Mangyayari din 'yon, Cedric, sigurado ako."

"I hope so. And you know what, this is my most memorable birthday ever. Thank you for being a part of it,"

"You're very welcome, Cedric Montreal."

Napatingala siya dito and their eyes met. She reached for his face as he eventually claimed her lips.

"**GOOD NIGHT,**" ani Irene nang ihatid siya ni Ceddie sa labas ng silid niya. "Matulog ka na din,"

"Pumasok ka na,"

"Sabi ko nga," at inabot na niya ang pintuan.

"Sandali pala," pigil ni Ceddie.

"Bakit?"

Isinandal siya nito sa dingding at siniil pa ng halik sa labi na buong puso naman niyang tinugon.

"Seryoso, matutulog na 'ko," aniya at hinaplos ang mukha nito.

Kinuha naman ni Ceddie ang kamay niya at hinalikan ang likod ng palad niya.

"Alright, good night,"

"Happy birthday ulit,"

HINDI inaasahan ni Irene na tutunog ang cellphone na ipinahiram ni Ceddie sa kanya. Nang damputin niya, hindi familiar sa kanya ang numero pero sinagot niya dahil may kutob siya.

"Hello?"

"Irene, where the hell are you?"

"Kuya Raffy!"

"Sinubukan kitang tawagan sa cellphone mo pero si Nay Cynthia ang sumagot. Ang sabi niya hindi ka pa raw umuuwi galing ng orchidarium. Nang tumawag naman ako sa orchidarium ang sabi ng assistant mo mahigit isang linggo ka nang hindi nagre-report. I'm so worried about you. Nasaan ka ba?"

Batid niya ang sobrang pag-aalala sa boses nito.

"I'm sorry, Kuya. Mahabang kwento pero nandito ako sa rancho ng angkan niyo. Alalang-alala din ako sa'yo. Ilang beses kitang sinubukang kontakin,"

"Pero paano ka napunta diyan?"

"Si Cedric, Kuya. Siya si Tom na sinasabi ko sa'yo. Siya ang nagdala sa 'kin dito,"

"Ano?!"

"Oo, Kuya. Hinahanap ka niya,"

Naramdaman niya ang pagpasok ni Ceddie sa silid niya at paglapit nito sa kanya. Humarap siya dito.

Nagtatanong ang mga mata nito.

"Please, Kuya, hayaan mong kausapin ka niya," at inabot niya kay Ceddie ang cellphone.

"This is Cedric,"

"Cedric, ang Kuya Raffy mo 'to,"

Hindi makapaniwalang napatitig si Ceddie sa kanya.

"Brother, where the hell are you?"

Pasimpleng lumabas ng silid si Irene para hayaang makapag-usap ang magkapatid.

NASAGOT na ang matagal na niyang tanong. Oo. Kaya nga niyang pagkatiwalaan si Ceddie. Sana naman maganda ang maging kahinatnan ng ginawa niya.

Nasa sala siya nang makita niyang sa wakas ay bumaba na rin si Ceddie na napakaseryoso ng mukha. Napatayo siya.

"Tapos na kayong mag-usap ni Kuya Raffy?"

"Yes,"

"Ano'ng pinag-usapan niyo?"

Kinabig siya ni Ceddie at ikinulong sa mga bisig nito.

"I have to go after him sa Baguio. He needs me at hindi ko 'yon ipagkakait sa kanya,"

"Kailan ka naman aalis?"

"Tonight,"

"Mag-iingay kayo, Cedric,"

"We will, I promise," at hinalikan siya nito sa noo. "Magbihis ka, ibabalik na kita sa inyo,"

SA Selina Amanda na lang siya nagpahatid.

Ngayong alam na ni Ceddie kung nasaan si Raffy, hindi na siya nito kailangan pang 'ibilanggo' sa rancho at hindi na rin sila magkakasama pa. Ibig sabihin din niyon ay kailangan na nilang maghiwalay at balik na sa normal ang buhay niya.

"Sana bumalik na sa dati ang lahat pagkatapos nito," sabi niya.

"Salamat at pinagkatiwalaan mo din ako, Irene," sabi naman ni Ceddie at hinawakan ang kamay niya.

"Cedric, wala 'yon. Masaya lang ako na may kakampi na si Kuya Raffy dito, hindi lang ako. Alam kong naintindihan niya ang desisyong ginawa ko at hindi ako nagsisisi na nagtiwala ako sa'yo,"

"Thank you so much," dinala ni Ceddie ang kamay ni Irene sa mga labi niya. "This is not yet goodbye, is it?"

"Siyempre magkikita pa tayo,"

"Definitely,"

Kinalag naman ni Irene ang seatbelt niya.

"Mauuna na 'ko sa'yo, Cedric. Ipagdadasal ko kayo ni Kuya,"

"Irene,"

Cedric leaned forward and kissed her.

"Sakaling maayos na ang lahat, babalikan kita and let's talk about us. Please wait for me,"

"Oo, Cedric, hihintayin kita,"

Hindi niya napigilan ang pagkawala ng luha sa mata niya.

"Please don't cry. I don't want to leave you like this. Pumasok ka na sa loob. Tatawagan na lang kita,"

"Sige. Aasahan ko 'yan. Mag-iingat kayo ni Kuya,"

"**SAAN** po ba talaga kayo nagpunta, Miss, at si Sir Sean eh napapraning na nang hindi kayo nakikita?" tanong agad ni Vicky nang dumating na siya. "Kahit po si Sir Raffy nag-alala kasi hindi ko masabi sa kanya kung nasaan kayo,"

"Walang masamang nangyari sa 'kin, Vicky. Masyado lang talagang komplikado para ikwento pero si Kuya Raffy nakausap ko na siya. At ano pa ba ang ginagawa ni Sean dito? Akala ko ba lulubayan na niya 'ko?"

"Hindi ko nga rin po alam,eh. Ang sabi lang niya may kumidnap sa inyo at sigurado daw siya dun."

"A-ano?" aniyang natigilan. "At sino naman ang kikidnap sa 'kin?"

"Malay ko po sa kanya. Pero siyempre hindi naman ako naniniwala. Kung kinidnap kayo edi sana may nanghingi na ng ransom, 'di po ba?"

"Tama ka. Praning lang si Sean,"

"**NAY!**" patakbo niyang sinugod ng yakap ang nanay niya nang umuwi siya sa kanila.

"Irene, anak!"

"Na-miss po kita, Nay. Kamusta na po kayo?"

"Iyon na nga anak,eh. Halos dalawang Linggo ka ding hindi nakauwi dito sa atin, lalo tuloy kitang na-miss. Ano ba ang pinagkaabalahan mo dun, ha?"

"Pasensiya na po kayo, Nay. Ang dami po kasing nangyari,eh, pero okay naman po ako. Walang masamang nangyari sa 'kin. Marami po akong ikukwento sa inyo,"

"Tingnan mo nga 'yong cellphone mo, o. Ang dami nang mga tawag galing sa Kuya Raffy mo at kay Sean. Tapos ano pa 'yong pinagsasabi na kesyo may kumuha daw sa'yo kaya hindi ka nakakauwi pero siyempre imposible naman 'yong sinasabi niya, hindi ba?"

"Nay, sabi ko naman sa inyo, 'di ba, walang nangyari sa 'kin? Kung ano man po 'yong pinagsasabi niya, hindi po totoo 'yon,"

"Alam ko 'yon, anak. Tsaka wala pa naman akong pambayad na ransom sakali,"

Kinuha niya ang cellphone at nagulat siya nang may mga messages siya sa inbox niya na galing kay Jasmine.

"Nay, nagtext din po si Ate Jasmine,"

"Isa pa 'yan, anak. Siguro importanteng makausap ka ng Ate Jasmine mo,"

Kaagad niyang i-d-in-ial ang number nito.

"Ate Jasmine,"

"Irene! Kamusta ka? Ilang beses kitang tinext. Buti naman at naisipan mo rin akong tawagan. Nami-miss na kita,"

"Nami-miss na rin kita, Ate. Pasensiya ka na, may mga nangyari kasing hindi inaasahan dahil sa pagkawala ni Kuya Raffy. Ang totoo ngayon lang ako nakabalik sa bahay,"

"B-bakit, saan ka nanggaling?"

"Sa rancho ng mga Montreal,"

Narinig niya ang pagsinghap ni Jasmine sa kabilang linya.

"Irene, ano'ng ginawa mo do'n?"

Ikinwento niya ang lahat nang nangyari kay Jasmine.

"Alam mo, Irene, nagsisisi talaga ako na hindi ko siya pinakinggan dahil lang sa nabulagan ako noon. Kung bibigyan lang sana ulit ako ng isa pang pagkakataon, ipaglalaban ko si Rafael dahil mahal na mahal ko siya,"

Jasmine was crying at pati si Irene ay nasasaktan din para dito.

"Ate, magiging okay din ang lahat magtiwala ka. Si Cedric, hindi niya hahayaang mag-isa si Kuya Raffy,"

"I am praying, Irene. Nami-miss ko na siya. Sobra,"

"Wag ka nang umiyak, Ate. Hindi pa ito ang katapusan ng kwento niyong dalawa ni Kuya Raffy,"

"I'M glad you're back,"

She didn't like the sight of Sean. She always did.

"Ano'ng ginagawa mo dito, Sean? Akala ko ba hindi ka na magpapakita sa 'kin pagkatapos ng huli nating pag-uusap?"

"Irene naman. Almost two weeks din kitang hindi nakita,"

"Pero hindi ko kinalimutan 'yong mga sinabi mo sa 'kin nu'n,"

"Of course I wasn't serious that time! Alam mong hindi kita matitiis, Irene. Now, tell me, someone took you, right?"

"Ano bang pinagsasabi mo?"

"That someone abducted you!"

"Hindi 'yan totoo!"

"What keeps you from telling the truth? May threat ba sa'yo?"

"Sean, wala! Obvious bang okay lang ako at wala namang masamang nangyari sa 'kin?"

"Gusto lang naman kitang tulungan, eh. Concerned lang naman ako sa'yo, Irene,"

"Pwes hindi ko kailangan ng concern mo, Sean. Salamat na lang,"

"Hindi mo naman siguro pinuprotektahan ang abductor mo, 'di ba?"

"Wala akong dapat ipaliwanag sa'yo," mariing sabi ng dalaga.

"Kailan mo ba 'ko sasagutin?"

"Sinabi ko nang wala kang aasahan sa'kin!"

Galit na hinaklit ni Sean ang braso niya.

"Hindi 'yan ang ini-expect kong isasagot mo sa 'kin!"

"Bitawan mo 'ko, Sean, nasasaktan ako!"

"Ano pa ba ang gusto mo? Nasa akin na ang lahat ni Irene, hindi mo ba nakikita 'yon?"

"Dapat mong maintindihan na hindi kita mahal dahil wala akong nararamdaman sa'yo!"

Marahas siyang binitiwang ni Sean.

"Pagsisisihan mo 'to, Irene! Kung sino man 'yang ipinagmamalaki mo, hindi siya uobra sa 'kin!" anito at tinalikuran na siya.

Nasapo niya ang namamaga niyang braso.

"Miss Irene!" si Vicky nang makita siya. "Ayos lang ba kayo?"

Tumango siya.

"Ayos lang ako. Wala 'to,"

Kahit parehong galing sa mayamang pamilya sina Cedric at Sean, napakalaki ng pagkakaiba nila, iyon ang nasisiyuro ni Irene.

Mapagmalaki si Sean dahil sa maimpluwensiya ang pamilya nito pero si Cedric hindi. Ayaw nga nitong umaasa sa anino ng pamilya nito at may sarili itong disposisyon. Mukha lang itong rude pero hindi naman talaga ito ganoon. In fact, he is just a son hoping for an appreciation from his father. Kung ano man meron ito ngayon ay tiyak na pinaghirapan naman nito kaya naman humahanga siya dito.

Nami-miss na nga niya ito. Bakit ba hindi man lang ito tumatawag sa kanya?

"SIYA 'yan,"

Nagsalubong ang kilay ni Ceddie nang makita ang lalaking itinuro ni Raffy. Si Geoff.

Nasa isang bar sila nang gabing iyon para sundan ang pakay nila at sa wakas ay natiyempuhan na rin nila ito. Nandoon nga ito at enjoy na enjoy na nakikipag-inuman sa mga kaibigan nito.

"Yan?" ulit naman niya. "Mukhang sira-ulo, ah,"

"Sira-ulo talaga. Ang tagal akong pinahirapan niyan, alam mo ba? May kutob akong binayaran ni Samantha 'yan para lumayo at manahimik. Damn him. Kung mabuti siyang tao ipaglalaban niya ang magiging anak nila,"

Nakuyom ni Raffy ang kamao.

"Problema ba 'yon? Edi tayo ang gagawa para sa kanya,"

"But how?"

"I remembered what Thirty said. Mga Montreal tayo, walang imposible sa 'tin. We need a little help though,"

Pinanood ni Raffy si Ceddie na humakbang palapit sa grupo ng mga balbas-saradong mga lalaki.

"Hi there, hottie," anang isang socialite na humarang sa daan ni Ceddie. "Would you like to dance?"

"Sorry, honey. I'm married," pasimpleng sabi naman ng binata at nilampasan ito.

Tuloy-tuloy siya sa talagang pakay.

"What's up?"

Matalim na tingin agad ang ipinukol ng apat na kalalakihan sa kanya.

"Pare, may problema ka?"

"Oh, no. Definitely, wala,"

"Cedric, sigurado ka ba sa ginagawa mo?" alalang sabi ni Raffy na sinundan ang kapatid.

"Trust me, brother,"

"Ano bang kailangan niyo, ha?" maangas na tanong ng isa.

"Simple lang," at itinuro niya si Geoff. "Get that guy and name your price,"

Napatayo naman ang isa.

"Niloloko mo ba kami, pare?"

"I said name your price. May atraso sa 'min ang lalaking 'yon at gusto lang naming makaganti. Ayaw niyo bang makatulong at magkapera?"

"Hindi ka namin kilala,"

"Call me Cedric Montreal,"

Nagkatinginan ang apat pagkarinig.

Chapter Eight

"**THIS** is illegal! Let go of me!" paulit-ulit na sigaw ni Geoff habang pilit na kumakawala sa pagkakatali niya sa upuan.

"Pwede ba itigil mo na 'yan? Mahihirapan ka lang!" ani Raffy.

"Pakawalan niyo 'ko, wala akong atraso sa inyo! Hindi niyo pwedeng gawin sa 'kin 'to!"

"Kung nakipagtulungan ka na lang kasi sa 'kin noon pa hindi na aabot sa ganito ang lahat!"

"Wala nga akong alam sa mga pinagsasabi mo!"

"Wag ka nang magsinungaling o subukan man lang na paikutin ako dahil sarili mo lang din ang pahihirapan mo!"

"Kuya," singit ni Ceddie. "Hayaan mong tulungan kita sa bagay na 'yan. Hindi mo naman sinabing mahirap palang kausap 'tong lokong 'to,"

Tumabi naman si Raffy at sinikap kalmahin ang sarili.

"Geoff Mendez, right?" umpisa niya. "Alam mo bang we are hoping that we got the wrong guy? Because just so you know, hindi mo alam kung paano magalit ang isang Montreal."

"Tinatakot mo ba 'ko?"

"Of course not. Sinasabi ko lang sa'yo ang posibleng mangyari kapag patuloy kang nagmatigas. Pwede kitang ipabugbog sa apat na nasa sulok hanggang sa mamatay ka. Bayad 'yang mga 'yan kaya hindi kami madadawit kung sakali man. Akala mo ba wala akong alam sa'yo at tungkol diyan sa pagkatao mo? Kaya kung ako sa'yo, pare, wag ka nang magmalaki dahil kayang-kaya kitang sirain,"

"A-ano'ng ibig mong sabihin?"

"Nice question," ani Ceddie na hinimas ang baba. "To start with, kamusta naman ang pagiging freelance model, Geoff Mendez? Mahirap, sabihin na natin. So what else do you do to support yourself?"

Hindi sumagot si Geoff.

"Ngayon naman natahimik ka,"

"Ikaw ang tumahimik!"

"Tatahimik ako kapag tapos na 'ko sa'yo. Bakit, ayaw mo bang marinig? Hindi ba may katotohanan naman ang sinasabi ko? Para suportahan ang sarili mo, ilang mga gay businessmen na ba ang mga sinamahan mo kapalit ng malaking halaga?"

"Shut up!"

"Sino ba ang pinakagalante sa kanila?"

"I said shut up!"

"Alam ba 'to ng mga kaibigan mo? Pa'no kaya kung malaman nila 'to? Sa tingin mo kaibigan pa rin kaya ang tingin nila sa'yo? Sa tingin mo kapag nalaman ng lahat ang 'sideline' mo, may tatanggap pa ba sa'yo? Pa'no na lang ang career mo?"

"This is obviously blackmail!"

Seeing Geoff's fury, lalong natutuwa si Ceddie na paglaruan ito.

"Fine! Blackmail as it is. And guess what, kayang-kaya kong gawin 'yon para masira ka,"

"Don't you dare!"

"Gusto mo 'kong subukan? I have the capacity to do that. I can call Christy. She owns a modelling agency and you owe her a lot, right? Sabihin ko kaya sa kanya ang hindi pa niya alam tungkol sa'yo?"

Nanlaki ang mga mata ni Geoff.

"You can't do that!"

"At bakit hindi? Pipigilan mo 'ko? Papaano mo naman gagawin 'yon eh hindi ka nga makawala diyan?"

"Sasabihin ko na ang totoo!"

"Ano'ng totoo?"

"Yong totoo! Na binayaran nga ako ni Sam! Na ginawa niya 'yon para maipit si Raffy at mapilitan itong pakasalan siya! Na ako talaga ang ama ng batang dinadala niya at pinlano namin ang lahat. Sana naman masaya na kayo. Please lang pakawalan niyo na 'ko dito!"

"Bukal ba sa loob mo 'yang mga sinasabi mo? Baka naman napipilitan ka lang gumawa ng kwento dahil natatakot ka sa banta namin?"

"Yon naman talaga ang totoo, I swear! Maniwala kayo sa 'kin,"

"Pa'no kung malaman namin na nagsisinungaling ka lang pabor sa 'min?"

"I am not! Bahala na kayo kung ayaw niyong maniwala!"

"Alright, then," satisfied na sabi ni Ceddie at binalingan ang kapatid. "I guess narinig na natin ang kailangan nating marinig,"

Nagbunga rin sa wakas ang matagal nang pag-iimbestiga ni Cedric sa tulong ng pinsan niyang si Ziggy.

"Yeah," ang tanging tugon ni Raffy na hindi pa rin makapaniwala.

"Ang proof?"

Itinaas nito ang cellphone.

"Na-record ko. Loud and clear."

"Baka naman pwede niyo na 'kong pakawalan dito?" si Geoff.

"Now what's your next plan?"

"Haharapin ko na si Dad at ang pamilya ni Sam. And hopefully, I'll win Jasmine back. Wala na 'kong dahilan para magtago. Maitatama ko na din ang lahat. And I owe this to you, brother. Maraming maraming salamat,"

"Wala 'yon. Para saan pa't naging magkapatid tayo, 'di ba, Kuya?"

Nagtapikan silang magkapatid.

"I just can't believe that it's over,"

"This isn't actually over. There are still a lot to face. But for the mean time, umalis na tayo sa lugar na 'to. Ayokong kasuhan ng trespassing."

"Alright,"

Tinahak na nila ang palabas ng lumang warehouse.

"Tell me, Cedric, pa'no mo nalaman lahat ng 'yon?"

"'Yon? May nagchika lang sa 'kin ng mga 'yon. Hindi ko naman alam na totoo pala,"

"Hoy, pakawalan niyo 'kong dalawa dito!"

"Don't tell me tsismoso ka na ngayon?"

"Ngayon lang naman."

And for the first time in history, nakapag-usap sila bilang malapit na magkapatid.

ANO na kaya ang nangyari sa dalawang 'yon? Ilang araw na mula noong sinundan ni Ceddie si Raffy sa Baguio pero ni isa man sa mga ito ay hindi niya nakausap. Nagtagumpay kaya ang mga ito?

Nasa ganoong pag-iisip siya nang tumunog ang cellphone niya. Agad niya iyong dinampot sa mesa niya para lang magulat. Galing sa Kuya Raffy niya ang tawag!

"Kuya!"

"Hi, Irene. Tapos na rin sa wakas. Sinabi na ni Geoff ang totoo. Haharapin ko na ang pamilya ko. Malilinis ko na rin ang pangalan ko. And hopefully, tanggapin pa rin ako ni Jasmine pagkatapos ng mga nangyari,"

Napamaang siya.

"Kuya.. ." natutop niya ang bibig. "Masayang-masaya ko para sa inyong dalawa! Sa wakas, magiging masaya na rin kayo ni Ate Jasmine,"

"Tingin mo ba may pag-asa pa kaming dalawa?"

"Oo naman! Kung alam mo lang, Kuya. Kahit kailan hindi ka nawala sa puso ni Ate Jasmine,"

"Wish me luck, okay?"

"Oo naman. Ahm, Kuya.. ."

"Ano 'yon, Irene?"

"Kamusta na si Cedric?"

"Si Cedric?"

Kahit hindi nakikita ni Irene ay alam niyang nakangiti ang Kuya niya.

"He misses you a lot. Hindi na daw siya makapaghintay na makauwi para makita ka."

"Nasaan ba siya?"

"Kausap si Verna, kaibigan niya."

Mabuti pa ang ibang tao kinakausap nito.

"Sige, Kuya. Hindi na 'ko makapaghintay na makita ka. Mag-iingat kayong dalawa,ha?"

"No problem. Kayo din diyan. Marami tayong dapat pag-usapan pagbalik ko,"

"I TOLD you, Cedric, ikaw ang mauunang magpakasal sa ating dalawa pagkatapos ni Rafael," wika ni Ziggy. Magkausap sila sa cellphone habang nagda-drive si Ceddie papunta sa Selina Amanda nang araw na iyon.

"Bakit ba ang hilig mong magsalita nang tapos Zantino?"

"May masama ba dun?"

"Hindi mo alam 'yon?"

"Hindi,"

"Baka kasi ikaw imbes na ako."

Bigla siyang napahinto nang may humarang sa daanan niya. Mga pulis.

"What the--"

"Ano'ng problema?" tanong naman ni Ziggy.

"Tatawagan kita mamaya,"

Ibinaba niya ang bintana ng kotse nang lapitan siya ng isa sa mga pulis.

"Ikaw ba si Cedric Montreal?"

"Ako nga. May problema ba?"

"Inaaresto ka namin for abduction,"

"Abduction?" gulat na ulit niya.

"Abduction sa girlfriend ng anak ni Congressman Alonzo na si Sean, si Irene Montes,"

"IRENE,"

Napakaseryoso ng mukha ni Raffy kaya lalong kinabahan si Irene. May masamang balita kasi ito tungkol kay Cedric.

"Diretsahin mo na 'ko, Kuya. Ano ba talagang nangyari kay Ceddie?"

"Papunta na sana siya dito para makita ka ang kaso bigla na lang siyang hinuli ng mga pulis."

"A-ano? Bakit naman siya hinuli?"

"For abducting you. Si Sean ang nagpahuli sa kanya,"

Natigilan siya. Saka lang niya naintindihan ang lahat. Si Sean na nga wala nang iba. Kaya naman pala ipinaggigitan nito na may kumuha sa kanya. Pero ang ipahuli si Ceddie nang walang kalaban-laban?

"Wala siyang karapatang gawin 'yon," aniyang napaluha.

"Pero nakalaya din naman siya, Irene. Hindi legal ang paghuli sa kanya ng mga pulis,"

Nakahinga siya nang maluwap.

"Kung ganun nasaan si Cedric? Gusto ko siyang makita, Kuya."

"Hindi mo siya pwedeng makita ngayon, Irene."

"Pero bakit?"

"He already flew to the States,"

Natigilan siya. Hindi siya makapaniwala.

"At hindi man lang niya 'ko kinausap? Hindi man lang ba 'ko mahalaga sa kanya, Kuya?" mapait niyang sabi.

"Irene, I even tried to stop him--"

"Nakuha ko na, Kuya," putol niya. "Ito naman talaga ang gusto niyang mangyari kahit noong hindi ka pa niya nahahanap. Hindi naman talaga ako mahalaga para sa kanya. Nag-assume ako kahit hindi naman dapat,"

"Irene, for sure may malalim na dahilan kung kaya ginawa ni Ceddie 'yon."

"Kung ano man ang dahilan niya, labas na 'ko do'n."

Pinahid niya ng palad ang mga luha niya. Ang sakit palang umasa sa wala. Kung alam lang niya, 'di sana hindi na siya umasa na babalikan pa siya nito.

"Irene, alam mong ayoko sa lahat eh 'yong nakikita kitang nagkakaganito," ani Raffy at ikinulong siya sa mga bisig nito.

"Kuya, hindi ako ang dapat na isipin mo. Ang mahalaga sa ngayon kayo ni Ate Jasmine, hindi ba?"

"**OY**, maid-of-honor kita, ha?"

Nagulat si Irene sa ibinalita ni Jasmine sa kanya nang dalawin siya nito sa bahay nila.

"Ha? Maid-of-honor talaga?"

"Sige na naman. Ikaw lang kasi ang naiisip kong maging maid-of-honor ko. Ang gusto kasi ng Kuya Raffy mo gawing intimate and special kaya pumayag ka na,"

Nag-puppy eyes pa ito sa kanya.

"Ate,"

"Please, Irene?"

She smiled in surrender.

"Sige na nga."

"Yehey! Sabi ko na nga ba papayag ka, eh! Pinasaya mo talaga ako nang sobra, Irene,"

"Ate naman. Parang kaya kitang tanggihan diyan."

Niyakap pa siya nito nang mahigpit.

"I love you, Irene!"

Wala na ngang makakapigil sa kasal ng mga ito ng Kuya Raffy niya na hopefully ay anim na buwan na lang.

AS soon as naayos ni Raffy ang naging problema sa pamilya niya at sa pamilya ni Samantha ay agad nitong niyayang magpakasal si Jasmine. Buti pa ang mga ito at magkakaroon na rin ng happy ever after .

Siya kasi, kahit masaya siya para sa mga ito may kulang pa rin. Isang linggo na mula noong umalis si Cedric at wala na siyang balita tungkol dito.

Kahit umalis itong walang paalam ay hindi pa rin niya ito maiwasang ma-miss.

Kamusta na kaya ito? Iniisip din kaya siya ni Cedric gaya ng pag-iisip niya dito?

"CAN we talk?"

Sumama agad ang timpla ni Irene nang tumuntong na naman si Sean sa Selina Amanda.

"Ang lakas naman ng loob mong bumalik pa dito,"

"What's wrong with you?"

"Hindi ba dapat ako ang magtanong sa'yo niyan pagkatapos nang lahat-lahat? Hindi mo dapat ginawa kay Cedric 'yon, wala siyang kasalanan sa'yo! Bakit mo ginawa 'yon? Wala kang kasing sama!"

"Bakit, hindi ba totoo namang in-abduct ka niya? Nakita ko nang kinuha ka niya, Irene! Kung nalaman ko lang agad kung sa'n ka niya dinala, matagal na sana siyang nakulong!"

"Wala siyang kasalanan! Mali ang inisip mo sa nakita mo, Sean!" giit pa ng dalaga.

"Noong una nagtataka ako kung bakit ganun mo na lang siya ipagtanggol. Pero ngayon malinaw na sa akin ang lahat. May namamagitan sa inyong dalawa at kaya ayaw mo sa 'kin ay dahil sa kanya! Bakit, Irene? Dahil ba sa mas mayaman siya? Dahil ba sa mas makapangyarihan ang angkan nila?"

Hindi niya napigilan ang sarili at nasampal niya si Sean.

"Wala kang karapatang husgahan akong mukhang pera, Sean! Wala akong pakialam sa kayamanan mo o ng kayamanan ni Cedric. Kaya ayaw ko sa'yo ay dahil diyan sa ugali mo! Akala mo kung sino ka! Kaysa pag-aksayahan mo 'ko ng panahon, maghanap ka na lang ng babaeng kaya mong pasunurin sa gusto mo!"

And she burst into tears.

"Umalis ka na, Sean. Hindi ko kailangan ng panghuhusga mo."

Ano bang maling ginawa niya para mangyari sa kanya ang ganun? Tinalikuran na nga siya ng lalaking mahal niya tapos may huhusga pa sa kanya? Bakit ang unfair yata ng mundo sa kanya?

"Miss Irene, ayos ka lang po ba?" alalang tanong ni Vicky sa kanya.

"Hindi, Vicky. Hindi ako,okay,"

"Umuwi ka na po muna, Miss Irene. Magpahinga kayo. Ako na lang muna ang bahala dito sa Selina Amanda. Nag-aalala na po kasi ako sa inyo,eh. Masyado na po kayong stressed,"

Pinahid niya ang mga luha.

"Pasensiya ka na, Vicky. Hindi ko dapat hinahayaang maapektuhan ang trabaho ko pero heto ako, nagda-drama sa harap mo. Tama ka nga siguro, dapat magpahinga muna 'ko baka sakaling gumaan ang pakiramdam ko."

NAKAHIGA si Irene sa silid niya nang katukin siya ni Aling Cynthia.

"Irene, anak, gising ka ba?"

"G-gising po ako," aniya at dali-daling pinahid ang mga luha niya.

"Nandito ang Ate Jasmine mo binibisita ka."

Napabangon siya.

"Ate Jasmine!"

Pumasok si Jasmine sa silid niya at tinabihan siya.

"Kanina ka pa ba umiiyak? Hindi ito ang ini-expect kong dadatnan sa'yo," alalang sabi nito.

"Gusto ko lang gumaan ang pakiramdam ko, Ate,"

"At ayokong nakikita kang nagkakaganyan."

"Ate, ayoko ng ganito."

"Hindi ko alam kung matutuwa ba 'ko o ano na nagkakaganyan ka, Irene. Pero kasi, kapag nagmahal ka, hindi mo talaga maiiwasang masaktan," at hinaplos nito ang mukha niya. "Mabuti pa magbihis ka. Samahan mo ko. Girl bonding tayo para malibang ka naman. What do you think?"

Kahit luhaan ay nakuha pa rin niyang ngumiti.

"Panalo ka na naman, Ate."

"**HINDI** nga ako nagkamali na dadating ang araw na babalik uli sa dati ang lahat. Ang bait talaga ng Diyos," wika niya.

"Alam mong umasa din ako na mangyayari 'yon, Irene. Kita mo, hindi siguro ako magiging ganito kasaya ngayon kasama si Raffy," sabi naman ni Jasmine.

"Sana maging masaya rin ako,"

"With Ceddie?"

Malungkot na ngumiti si Irene.

"Mukhang imposible na 'yon, Ate. Ayokong umasa sa wala kasi ako lang din ang masasaktan sa huli,"

"Naniniwala akong hindi 'yon gagawin ni Ceddie nang walang dahilan, Irene. I know him somehow."

"Ako sigurado akong hindi ko siya kilala nang lubusan."

"Edi hayaan mo 'kong i-share sa'yo ang nalalaman ko tungkol sa kanya."

"G-gaya ng?"

THAT was when she realized na marami pa nga siyang hindi alam kay Cedric.

Jasmine told her that he is an Interior Designer at sa States ito nagpa-practice. Ang gusto talaga ng ama nila ni Raffy ay ang pagni-negosyo ang atupagin nito but he refused and insisted his passion instead. Talent talaga nito ang pagguhit at alam na alam ni Irene iyon.

May ari din pala ito ng isang sikat na art gallery. Bilang young painter, marami na itong nakamit na recognitions at nakagawa na rin ng pangalan maging sa labas ng bansa.

"Mga gawa niya lahat 'to?" manghang sabi ni Irene nang puntahan nila ang art gallery nito.

"Halos lahat ng nakikita mo sa kanya pero may mga artworks din naman ang mga kaibigan niya dito."

"Ang gaganda nila, Ate."

"Ganun siya kagaling, Irene. No wonder maraming mga babae ang gustong makuha ang atensyon niya pero lahat yata sila nabigo."

"Jasmine?"

Pareho silang napatingin sa pinanggalingan ng boses. Si Amanda Montreal.

"Ma! Nandito din po pala kayo?"

"Oo. Tinitingnan ko ang mga paintings ni Cedric. You know I missed that boy so much," anang ginang.

"This is Irene. You still remember her? Siya na po ang bagong manager ng Selina Amanda ngayon."

"Yes, of course. Why would I forget her? Lalo na ngayon,"

Nagulat si Irene nang yakapin siya nito nang mahigpit.

"Ang babaeng nagturo kay Ceddie kung paano magmahal. Kamusta ka, hija?"

Hindi siya makapaniwala.

"M-mabuti naman po," atubiling tugon niya.

"Ipinasyal ko lang po si Irene dito sa gallery para malibang naman siya," sabi pa ni Jasmine.

"Mabuti nga 'yon. After everything that has happened, we all need to refresh our minds,"

Ginagap nito ang kamay ni Irene.

"Why do I have this feeling na malungkot ang espesyal na babae para sa aking bunso?"

How nice to hear na special siya kay Cedric kahit hindi naman iyon totoo. Dahil kung special nga siya para dito, bakit basta na lang itong umalis?

"Ma, alam niyo na po ang dahilan," si Jasmine.

"Hindi ka dapat nagiging mahiyain, Irene. Look, ang ganda-ganda mong bata."

Pinilit niyang ngumiti.

"Salamat po, Madam," aniya at pagkatapos ay napahugot ng malalim na paghinga."Pwede niyo po ba 'kong kwentuhan tungkol kay Cedric? Gusto ko po kasi siyang makilala sa kung paano niyo siya kilala,"

Ngumiti si Amanda.

"Basta pagdating sa'yo walang problema."

Chapter Nine

"**PAREHONG** sweet ang magkapatid na 'yon. At si Ceddie ilang beses na niya kaming ginawan ng Lola niya ng portrait kahit walang okasyon. Ipapakita ko sa'yo minsan, gusto mo?"

"Sige po,"

"Do you know that he's a camera-shy?"

"Talaga po?" hindi makapaniwalang tanong niya.

"Oo. Kaya nga kaunti lang ang mga pictures niya noong mga bata pa sila ni Raffy. Ito namang Kuya niya ang game na game kapag may picture-taking at siya naman, kailangan pang pilitin. Kaya nga nung may nag-offer sa kanyang magmodelo ay tinanggihan niya agad. Mas gusto niyang mapag-isa at magdrawing hanggang sa magsawa siya."

"Kaya po ba ilan lang ang nakakaintindi sa kanya?"

"Tama ka," sang-ayon naman ni Amanda. "At hindi rin siya palakwento sa mga nangyayari sa kanya lalo na kung hindi maganda dahil ayaw niyang nag-aalala kami."

"Kaya hindi niya sinabi sa inyong nahulog siya sa kabayo noong nasa rancho pa kami."

"Ano'ng sabi mo, hija?" gulat na tanong ni Amanda.

"Nahulog ho siya sa kabayo noong nasa rancho pa kami at kahit nasugatan siya, hindi po siya nagpadala sa ospital. Hindi niya sinabi sa inyo dahil ayaw ho niyang mag-alala kayo."

Napailing na lang ang ginang.

"Hindi na siguro ako dapat magulat pa. Hindi ko na siguro mababago kay Ceddie 'yon."

"Pero mahal na mahal ho niya kayo,"

"At palagi niyang pinaparamdaman 'yon,"

"**MUKHANG** napasarap ang usapan niyo ni Mommy, ah?" ani Raffy nang bumisita din sila pati sa mansyon ng mga ito.

"Si Cedric ang pinag-usapan namin, Kuya," ani Irene at kiming ngumiti.

"She adores you,"

"Ang bait-bait niya, 'no?"

"She's the best, Irene."

"Rafael, you've got to help me!"

Hindi kilala ni Irene kung sino ang lalaking bigla na lang dumating at mukhang bothered pa ito.

"Zantino, what are you doing here?"

"Si Granny kasi, eh. Pilitin ba 'kong i-date ang bratinelang anak ni Mr. Pineda?"

"Sino, 'yong Tiffany?"

"Exactly! Madikit nga lang sa 'kin 'yon pakiramdam ko magpapantal na 'ko, date pa kaya? This is obviously crazy!"

"Magrelax ka nga, Ziggy,"

"Sabihin mo nga, pa'no ko gagawin 'yon?"

"Ang weird naman kung magrereto si Granny sa'yo ng mga ganoong tipo?"

"Kapag natuloy 'to, Raffy, mababaliw na talaga 'ko!"

"Naipakilala ko na ba sa'yo si Irene?" pag-iiba ni Raffy. "The one whom I owe a lot with. Irene, this is Ziggy."

"Hello," kiming bati ni Irene.

"Hi, Irene," amazed na sabi ni Ziggy. "Did you know Ceddie used to talk a lot about you? I'm glad to meet you, finally."

Gaya nina Raffy at Ceddie, Ziggy is a demigod in his own unique way. Iyon nga lang, ito ang tipong may pagkababaero.

"T-talaga?"

"Yeah. Will you be my girlfriend?"

Napamaang siya. Ano daw?

"Ziggy, ano ka ba?" sita naman ni Raffy dito.

"Sorry naman, insan. Desperate lang,"

"Don't tell me kakalabanin mo si Ceddie?"

"Siyempre, hindi. Hindi pa naman 'yon magdadalawang-isip na saktan ako kahit magpinsan kami. I'm sorry, Irene. Forget what I said."

Hindi niya alam kung pa'no magri-react. Papaano nila nakukuhang mag-usap sa harap niya tungkol kay Ceddie na tila hindi siya nito iniwan at sinaktan nang sobra?

"Pagbigyan mo na lang kasi si Granny."

"No way!"

"Eh ano'ng tulong naman ang gusto mo?"

IT was a long day for her. Hindi siya makapaniwalang maraming nangyari sa loob ng isang araw lang. Ewan ba niya pero nabawasan ang bigat na nararamdaman niya nang makilala pa niya si Ceddie ayon sa mga taong malalapit dito.

Yet the fact still remains na hindi pa rin niya nalaman ang tunay na dahilan kung bakit ito umalis. Ang buong akala kasi niya kapag naayos na ang lahat, pag-uusapan na nila ang tungkol sa kanilang dalawa.

Pupunta kaya siya sa kasal nina Kuya Raffy?, tanong niya sa sarili.

Aaminin niya, umaasa siya na dadating ang isang araw na magkikita ulit sila nito.

"Kamusta ang lakad niyo ng Ate mo?" tanong ni Aling Cynthia pag-uwi niya.

"Nag-enjoy po ako, Nay, kahit nakakapagod. At alam niyo po ba? Nakausap ko si Mrs. Montreal. Ang dami naming napag-usapan tungkol kay Ceddie."

"Akala ko ba galit ka sa kanya?"

"Na-realize ko po kasi na masyado ko siyang mahal para magalit sa kanya. Ayoko naman pong husgahan si Ceddie dahil lang sa nangyari. Kahit wala mang kapalit, mamahalin ko pa din siya. Masakit pero ganun naman po ang pagmamahal, 'di po ba?"

"Alam mo, anak, tama ka," ani Aling Cynthia at hinaplos ang buhok niya. "Napakaswerte ng Ceddie na 'yon dahil mahal mo sya."

Ngumiti lang siya.

"**KAYA** pala hindi kayo magkasama ni Sir Ceddie ngayon kasi umalis siya," ani Leanne.

Dinalaw siya nito sa Selina Amanda at ipinasyal naman niya ito sa paligid ng orchidarium.

"Bakit, kung nandito lang ba siya siguradong magkasama kaming dalawa?" tanong niya at malungkot na ngumiti.

"Hindi nga ba?"

"Ewan ko."

"Bakit ewan?"

"Umalis siya nang hindi ko alam ang dahilan gayong sinabi niyang mag-uusap kami kapag naayos na ang lahat. Nangako pa nga akong hihintayin ko siya,eh."

"Eh baka naman kasi hindi pa talaga maayos ang lahat."

"Ano'ng ibig mong sabihin?"

"Kina Sir Raffy siguro, oo, pero baka sa kanya, may mga kailangan pa siyang ayusin sa sarili niya kaya kinailangan muna niyang umalis pansamantala. Ano naman ang malay natin, baka bukas balikan ka niya mismo."

Napaisip si Irene. Posibleng tama si Leanne. Baka nga iyon ang dahilan ni Cedric.

"Sinasabi mo bang mahal din ako ni Cedric?"

"Hindi lang mahal, mahal na mahal. Kaya hintayin mo lang siya, Irene. Malakas ang kutob ko na hindi lang kayo hanggang dito."

Kunwari umirap siya.

"Bilisan niya ang pagbalik kung ganun,"

Tapos natawa silang dalawa.

"**MISS** Irene, may bisita po kayo,"

Napatigil sila sa pag-uusap nang lumapit si Vicky na kasunod si Sean. Pumormal ang anyo ni Irene at nagpaalam naman kay Leanne.

Sa opisina niya sila nag-usap.

"Ano'ng ginagawa mo dito?" malamig niyang tanong.

"Hindi naman ako pumunta dito para manggulo, Irene. I came here to apologize instead. I'm sorry for being stupid all this time. I'm sorry for judging you. Alam ko namang hindi ka ganun,eh. Nasabi ko lang 'yon kasi galit ako that time. Sana mapatawad mo 'ko. Nagsisisi ako na nasaktan kita. Kahit ano gagawin ko mapatawad mo lang ako. Alam kong marami akong nagawang mali sa'yo at gusto kong bumawi."

"Wala na sa'kin 'yon, Sean."

"I would understand kung galit ka pa sa 'kin hanggang ngayon. And if only Cedric Montreal is here, mag-a-apologize din ako sa mga abalang nagawa ko. Nakita ko nang isinakay ka niya sa kotse niya. Gusto kasi sana kitang ihatid mismo sa Selina Amanda nang araw na 'yon. Hindi ko alam kung saan ka niya dinala kaya ang akala ko talaga--"

"Sean, tapos na 'yon," putol niya."Sapat na sa 'king malaman na nagsisisi ka na. Pinapatawad na kita."

"Yeah. I always knew you have a good heart. I'm glad na ayos na tayo bago man lang ako umalis."

Bahagya siyang natigilan.

"Bakit, sa'n ka pupunta?"

"Sa States. Para naman magamit ko din 'yong pinag-aralan ko."

"Kung ganun I wish you all the best, Sean. Mag-iingat ka. Hanggang sa susunod,"

"Yeah, 'til next time," ani Sean at inilahad ang palad."Friends?"

"Friends," at tinanggap naman iyon ni Irene.

God is so good. Kahit ganoon ay marami pa ring nangyayaring maganda sa kanya.

DALAWANG linggo na ang nakalipas simula noon pero pakiramdam ni Irene ay parang taon na ang inabot nang pag-alis ni Cedric.

"Kamusta?" salubong ni Aling Cynthia pag-uwi niya at kakaiba ang ngiti nito.

"Okay naman po. Walang bago. Ano hong meron?"

"Anong 'ano'ng meron'?"

"Kakaiba po kasi ang ngiti niyo,eh."

"Ang lakas naman ng instinct mo anak. Pumunta ka sa silid mo, may sorpresang naghihintay sa'yo."

Wala siyang ideya pero halos liparin niya ang papuntang kwarto niya. Nakita niya agad ang kwadradong nakabalot sa brown na papel na nakalapag sa kama niya.

Kanino kaya galing iyon?

Out of curiosity, she tore the wrap. Nagulat siya sa tumambad sa kanya. It was a beautiful painting at hindi siya makapaniwalang siya ang nakapinta doon.

Nasa ilog siya, basa habang nakaupo sa malaking bato at nasa tubig ang tingin.

Gayon na lamang ang pagkabog ng dibdib niya. Isa lang ang kilala niyang taong pwedeng gumawa niyon.

"Cedric..."

Nagsilaglagan ang mga luha niya pagkabanggit sa pangalan ng binata. Posible kayang bumalik na si Ceddie pagkatapos ng dalawang linggo?

Sa ibaba ng painting ay may maliit na note na nakadikit.

FIND ME IF YOU CAN.

Hindi na siya nag-aksaya ng oras. Inilapag niya ang painting at lumabas ng kwarto niya.

"O, sa'n ka pupunta?" tanong ni Aling Cynthia.

"Hahanapin ko lang po ang kaligayahan ko, Nay."

"Good luck, anak!"

"Ipagdasal niyo po ako."

Kung pwede lang sanang liparin na lang niya ang papuntang ilog. Hindi na siya makapaghintay na makita si Ceddie pagkatapos nitong umalis nang walang paalam.

"Cedric,"

Walang nagbago sa nararamdaman niya para dito. How she missed him.

Patakbo niyang tinahak ang damuhan na pababa ng ilog. Wala siyang nakitang kotse sa tabi ng kalsada. Hindi ba dinala ni Ceddie ang sasakyan nito?

Pagdating niya sa ilog, ini-expect niyang makikita niyang nandoon na sa ilog si Ceddie pero nadismaya siya. Bukod sa kanya, wala nang iba pang nandoon.

Napalinga siya sa paligid.

"Cedric?"

Nalaglag ang mga balikat niya. Baka nga wala naman talaga si Cedric at may gusto lang manloko sa kanya. At hindi iyon nakakatuwa. Feelings niya ang involved doon. Kung bakit kasi pagdating sa binata ay wala siyang pag-aatubili.

Kung bakit kasi hindi kita kayang kalimutan.. .

Naiyak na naman siya. Aalis na sana siya nang biglang may malalakas na bisig na yumakap sa beywang niya mula sa likuran. Bigla na naman ang pagtambol ng dibdib niya. Hindi niya pwedeng kalimutan ang pamilyar na pakiramdam na iyon. Nararamdaman lang niya iyon kapag magkalapit sila ni Cedric.

O baka naman imahinasyon lang iyon?

"I've been missing you like crazy did you know that?"

Mariin siyang napapikit. Hindi siya pwedeng magkamali. Boses ni Ceddie ang narinig niya.

"Cedric, ikaw ba 'yan?"

"Bumalik ako para sa'yo. I hope it's not yet too late for us to start. I love you, Irene. So much."

Napaluha siya.

"Cedric,"

Humarap siya dito at hinawakan ang mukha nito na tila naninigurado. Si Cedric nga ang lalaking kaharap niya wala nang iba.

"I love you, too," at niyakap niya ito nang mahigpit.

Naramdaman niya ang paghalik nito sa buhok niya.

"Bakit ngayon ka lang?" tanong pa niya.

"Pasensiya ka na kung umalis ako nang walang paalam," umpisa ni Ceddie at hinaplos nang paulit-ulit ang buhok niya.

"Dahil ba sa ipinakulong ka ni Sean?"

"Hindi sa ganun. Naiintindihan ko naman kung bakit niya ginawa 'yon,eh. Kagaya ko, mahal ka din niya. He even told me na girlfriend ka niya at plano ka niyang yayaing magpakasal."

"Sinabi niya 'yon?" hindi makapaniwalang tanong niya.

"Yes. Isipin ko pa lang na papayag kang magpakasal sa kanya nasasaktan na 'ko. You see, I can't imagine my life without you. I always knew you're the only one I want to spend the rest of my life with since I first saw you."

"Hindi ka naman siguro naniwala kay Sean, 'di ba?"

"Siyempre, hindi."

"Pero bakit umalis ka pa rin?"

"Para tapusin ang kontrata ko at magresign sa kompanyang pinagtatrabahuan ko para makasama na kita. Ang totoo they gave me a bigger offer para lang magrenew kaya lang hindi ko tinanggap."

"Cedric, sayang din 'yon,ah?" hindi makapaniwalang sabi ni Irene.

"Mas malaki ang sasayangin ko kapag hindi pa kita nakasama," sabi naman ng binata at kinintalan ng halik ang noo niya.

"Hindi ba mas gusto mo dun sa Amerika?"

"Not until I met you. Hindi ako nag-atubiling i-give up 'yon para sa'yo. Kung hindi ka pa dumating sa buhay ko hindi ko pa malalaman kung ano ang gusto ko. Thank you so much, Irene. Palagi kitang tinatanong kay Jasmine. She told me na kung hindi pa 'ko uuwi baka ipagpalit mo na 'ko sa iba. Na-threaten tuloy ako."

"Malabo 'yon," napangiting sabi niya.

"Really?"

"Hindi ba nangako ako sa'yo na hihintayin kita? Kaya hinintay kita. Akala ko pa nga hindi ka na babalik,eh."

"Bakit mo naman naisip 'yon?"

"Akala ko kasi kinalimutan mo na 'ko. Na sinunod mo lang 'yong nauna mong plano. Pero mali pala ako. Mabuti na lang. Napakaganda nga pala ng binigay mong painting, Cedric. Maraming salamat,"

"I'm glad you liked it. Ang totoo matagal ko na 'yong gustong ibigay sa'yo at naghihintay lang ako ng magandang tiyempo,"

"Pa'no mo nagawa 'yon?"

"Montreal ako, walang imposible sa'kin."

Kunwari umingos si Irene.

"Ang yabang mo talaga kahit kailan, 'no?"

"Joke lang. Hindi ko naman talaga 'yon magagawa kung hindi ako inspired dahil sa'yo."

"Thank you talaga," she said flattered.

"Say my name again."

"I love you. Cedric,"

She clung to him when he claimed her lips. Hindi siya makapaniwalang magkasama na sila ni Ceddie ngayon at hindi lang iyon basta panaginip.

HINDI siya tumutol nang yayain siya nitong maligo sa ilog. It was already dusk at ilang sandali lang ay matatakpan na ng dilim ang paligid.

"I will never forget our first kiss," pilyong sabi ni Cedric nang yakapin siya nito sa beywang.

Good thing at madilim na. Hindi nito makikita ang pamumula ng dalaga.

"Sa tingin mo ba makakalimutan ko din 'yon?" aniya.

"I know you won't. Noong hinayaan mo 'kong halikan kita, I knew na may posibilidad na mahal in mo rin ako."

"Alam mo bang pareho tayo ng iniisip? Ang kaso ayaw ko lang aminin sa sarili ko 'yon kasi hindi ako sigurado kung dapat ba kitang pagkatiwalaan. Pero ngayon sigurado na 'kong ikaw ang gusto kong pagkatiwalaan ng puso ko at hindi ang sino man."

"And Mom adores you so much," sabi pa ng binata. "She told me how much she wanted you to be her daughter-in-law at kailangan ko na raw kumilos kasi kapag naunahan ako ng iba, malulungkot siya."

"Gusto ko din ang Mommy niyo. Nakaka-flatter naman ang sinabi niyang 'yon. Ang totoo ang dami kong tanong sa kanya tungkol sa'yo at willing naman siyang magkwento. Ganun siya kabait."

"Let's get married, then."

"Sira," natawang pakli niya. "Edi inagawan mo ng moment sina Kuya Raffy at Ate Jasmine nu'n."

"Gusto ko lang makasiguro na hindi ka na makakawala sa 'kin."

"Eh kayo ng daddy mo kamusta na?" tanong pa ni Irene.

"Mabuti natanong mo. We're in good terms now and you won't believe it."

"CEDRIC!"

Napatayo mula sa isang sulok ng selda si Ceddie nang marinig ang boses ng Mommy niya.

"Mom?"

"Who did this to you?"

"A certain Sean Alonzo."

"Bakit naman niya gagawin sa'yo 'to?"

"He was accusing me of abducting his girlfriend."

Nagulat si Amanda sa narinig.

"Hindi mo naman ginawa 'yon, 'di ba, Cedric?"

"Alright, sabihin na nating in-abduct ko si Irene pero sa umpisa lang 'yon, Mom. Hindi ko siya sinaktan. I took care of her with all I can at kung hindi dahil sa kanya hindi ko

mahamanap ko si Kuya. At hindi naman talaga niya girlfriend si Irene. Naniniwala ka naman sa 'kin, 'di ba?"

"Of course, hijo. At hindi ka dapat nandito."

"Cedric," si Raffy.

"Kuya,"

"Ayos ka lang?"

"Yeah, I'm fine."

"Ilalabas ka na namin dito, 'wag ka nang mag-alala." sabi pa nito.

"Salamat, Mom, Kuya."

"How dare you jail my son without any warrant of arrest! Naturingan pa naman kayong mga pulis! Idedemanda ko kayo ng illegal detention, makikita niyo!"

Nagulat si Ceddie.

Ang Daddy nila ang sumisigaw na iyon!

"Nandito din si Dad?"

"Of course, hijo. Akala mo ba walang pakialam ang daddy mo sa'yo?" sagot ng Mom niya.

Hindi nagtagal ay pinalabas din si Ceddie ng isang pulis na halatang tiklop sa ama niya na nakaharap agad niya. Hindi niya alam ang sasabihin dito.

"Dad, I--" disappointed you again.

"I'm so proud of you,"

Hindi siya makapaniwala. Hindi niya inasahan ang sasabihin nito.

"Dad?"

"They'll pay for this. Let's go. Hindi ka nararapat sa lugar na ito kahit kailan. Not even in your dreams," anang ginoo at matalim na sinulyapan ang ilang pulis.

Chapter Ten

"**HINDI** ko kinalimutan ang sinabi mo noong birthday ko. Alam mo tama ka. Maa-appreciate din pala ako ni Dad kahit hindi ako si Kuya."

"Sabi ko naman sa'yo, 'di ba? Ang swerte mo nga diyan kasi nandiyan pa ang daddy mo. Ako kasi si Nanay na lang ang meron ako."

"Huwag ka nang malungkot. Nandito naman ako para magprotekta sa'yo kahit wala na ang tatay mo, eh. I'm one lucky man dahil ako ang minahal mo. I am not perfect, Irene. Marami ang kulang sa 'kin but please let me be your everything and I'll be the happiest guy in the world."

"Hindi ko pinagsisisihan na ikaw ang minahal ko tandaan mo 'yan."

Yumakap siya sa batok nito nang magtagpong muli ang mga labi nila. Tuluyan nang binalot ng dilim ang paligid at tanging liwanag lang ng buwan ang tumatanglaw sa kanila.

"I love you," they both said.

His hands went inside her blouse at napatayo ang mga balahibo niya dahil sa pinaghalong lamig at epekto ng pagdikit ng kamay nito sa balat niya.

"Come," he whispered.

Umahon sila at dinala siya nito sa malapad na bato at inihiga, her heart pounding louder than normal.

Hinalikan siya muli nito habang unti-unti nitong tinatanggal ang butones ng blouse niya. Parang gusto niyang matunaw sa hiya nang matanggal nito ang bra niya at mahantad ang dibdib niya.

"Cedric,"

"You are so beautiful, Irene. I want to kiss you here,"

"G-go ahead," she said shyly.

Kinintalan siya nito ng halik sa labi bago inangkin nito ang isang dibdib niya.

Napasinghap siya at napakagat-labi upang pigilan ang pagkawala ng impit na ungol sa bibig niya. She buried her fingers on his hair, his tongue teasing each of her nipples. She arched her back to give him full access.

"I love you and I can't wait to marry you," sabi pa nito at kinintalan siya nito ng halik sa noo."Kailangan na nating umalis. Ayoko pa namang magkasakit ka dahil lang sa'kin."

"Okay,"

"I can't wait to tell your mother how much I love her wonderful daughter."

FIVE MONTHS LATER...

Nakapila na sa labas sina Irene bilang bahagi ng entourage. Siya bilang maid-of-honor siyempre.

"You are beautiful as ever," si Ceddie na siyang escort niya at isa naman sa mga best men.

"Bola," pakli naman ng dalaga.

"At sa sobrang ganda mo hindi ako makapaniwalang akin ka,"

"Cedric, wala namang agawan ng moment. Kasal ko 'to,eh." si Raffy naman na gwapong-gwapo in his elegant tuxedo.

"I'm sorry, Kuya. But what can I do? I'm so in love with her,"

Napangiti lang si Irene at biglang sumabat naman si Ziggy na best man then.

"I think I know how it feels, Cedric, and I couldn't disagree with you," sabi nito habang hawak-hawak ang kamay ni Ether.

Finally, nahanap na rin nito ang katapat nito. Ang akala pa nga ng lahat ay imposible nang magkatuluyan ang dalawa.

"Kayong dalawa nakakagulat talaga ang biglang pagbabago niyo kahit hanggang ngayon," anang groom.

"Pare-pareho lang naman tayo ng dahilan dito, 'di ba?" ani Ceddie.

"Blame it on love, Men," sabi naman ni Ziggy."How about you, Thirty?"

Si Thirty ang kumompleto sa tatlong best man. Mabuti na lang at hindi ito nagdalawang-isip nang pauwiin ito ng tatlo.

"What do I know about it?" sabi naman nito.

Ito naman ang tipong snob.

May napansin naman si Irene mula pa kanina. Panay ang sulyap dito ni Leanne na isa naman sa mga bride's maid. Hindi naman niya ito masisisi. Hindi kasi nagpahuli si Thirty kung itsura at appeal lang din ang pag-uusapan.

Ilang sandali pa ay dumating na din ang bridal car. Sinabihan na sila ng coordinator na maghanda lalo na si Raffy.

"Kuya, pumasok ka na sa loob," sabi naman ni Irene dito.

"I can't wait to see her, Irene," anito kahit medyo ninenerbiyos.

"Kuya, pasok na, pasok na, ano ba?" si Ceddie.

"Oo na nga ito na, papasok na."

Tinakbo na ng super excited na groom ang aisle papasok ng simbahan. Ilang sandali pa ay narinig na nila ang pagtugtog ng wedding march.

"I love you," sabi pa ni Ceddie sa kanya.

"I love you, too," tugon naman niya at humawak na sa braso nito.

Naisip niya, kung dadating na ang tamang panahon para magpakasal siya, it would only be to Cedric Montreal. Dito lang wala nang iba.

Nagulat pa siya nang halikan siya nito sa pisngi.

"I love you, I love you, I love you,"

"Hoy, O. A. na 'yan, ha," pakli ni Ziggy.

"Hayaan mo nga sila," pakli din ni Ether. "Ganun ka rin kaya,"

"May sinabi ba 'kong hindi? I love you, Ether."

"Oo na, mahal din kita."

Nagpalitan naman sila ng ngiti ni Ceddie.

"**CRUSH** mo si Thirty Montreal?" tanong ni Irene kay Leanne nang nasa reception na sila.

"Ano'ng klaseng tanong 'yan?" tanong din ni Leanne na alaganing ngumiti.

"Panay ang tingin mo sa kanya,eh."

"Siguro nga. Mas gwapo pala talaga siya kaysa sa mga litrato lang."

"Uyy..." tukso niya dito.

"Pero hanggang doon na lang siguro 'yon, Irene. Base sa itsura niya mukhang hindi ko magugustuhan ang ugali niya at malabong magkasundo kami."

"Base lang sa itsura niya?"

"Hindi rin sila magkasundo ng Daddy niya. Matagal nang malayo ang loob niya kay Sir Alejandro. At sa Amerika talaga siya namumuhay nang matagal na panahon na,"

"Bakit ganun?"

"Mahabang istorya,eh."

Hindi na siya nagtanong pa. Nasa kabilang mesa si Thirty at kausap ang tiyahin nitong si Lorena na mas gustong tinatawag na donya. Hindi gusto ni Leanne ang huli. Maluho kasi ito. Laging magara ang damit na suot, makapal ang make up at naglalakihan ang mga alahas.

Mapagmataas din ito at matapobre. Akala ay kung sinong umasta sa mga trabahador at mga tauhan kahit ang totoo ay sister-in-law lang ito ng ama ni Thirty.

Mainit din ang dugo nito kay Leanne kahit wala namang atraso dito ang dalaga. Ang dahilan lang naman ay si Leanne ang pinagkakatiwalaan ni Alejandro pagdating sa pamamahala ng coffee farm at hindi ang donya. Ngayon ay halatang nagpapakampi pa ito kay Thirty.

"Kahapon hindi ko siya gusto, ngayon ayoko na talaga sa kanya," sabi pa ni Leanne na ikinatawa niya.

"Ang importante, Leanne, marunong tayong lumugar."

"Wala naman talaga kasi siyang karapatang magmaldita at magmataas kasi hindi naman siya ang nagpapasweldo at nagpapakain sa pamilya ng mga trabahador sa farm."

"Alam mo, ipagdasal mo na lang siya."

"Hay, ano pa nga ba? Sige, maiwan na muna kita. May itatanong pa dapat ako kay Sir Alejandro bago ko makalimutan."

"Bumalik ka agad, ha?"

"No problem."

Pag-alis ni Leanne, nilapitan niya ang bagong kasal at muling binati.

"Pero hindi ibig sabihin nu'n na pwede ka nang magpakasal, ha? Huwag muna ngayon," sabi pa ni Raffy.

"Siyempre naman, Kuya," aniya. "Kailangan ko munang magpaalam sa inyo ni Ate Jasmine kapag ganun, 'di ba?"

"Very good, Bunso."

"Rafael, isayaw mo naman ulit si Jasmine, sige na," si Selina, ang butihing Granny ng mga ito.

"Sure, Granny. Mahal ka namin, eh. Mrs. Montreal, shall we?" ani Raffy at kinuha ang kamay ni Jasmine.

"Sure, Mr. Montreal," sabi naman ng huli. "Excuse us, Granny, Irene."

Pumalakpak ang lahat nang nasa dancefloor na ang bagong kasal.

"They are very much in love, don't you think, Irene?" nakangiting sabi ni Donya Selina.

"Opo. Ang totoo nakakainggit sila."

"Kapag dumating na ang tamang panahon, gusto kong ikaw ang babaeng ihaharap ni Ceddie sa altar dahil alam kong kayo ang nakatadhana para sa isa't-isa,"

"Donya Selina..."

"Patuloy niyong pahalagahan at mahalín ang isa't-isa para tumagal pa kayo."

"Opo,"

Nilagyan siya ng waling-waling sa kanang tenga.

"You are a lovely lady."

"Salamat po," kining tugon niya.

"Excuse me, Granny," singit ni Ceddie na nakabalik na din matapos kausapin ang Lolo nito. "Can I ask this lady to dance if you don't mind?"

"I don't mind, go ahead."

He pulled her to the dance floor.

"Wait," ani Ceddie at inilipat mula sa kanan ang bulaklak sa kaliwang tenga niya.

"Bakit?"

"Baka mapagkamalan kang single, eh. Dapat akin ka lang kaya sa kaliwa."

"Ganun?"

He pulled her closer at kinanta pa ang linya ng kantang kasalukuyang tumutugtog sa buong reception.

"I'll be your shelter, I'll be your storm. I'll make you shiver, I'll keep you warm,"

Hindi niya napigilan ang mapangiti.

"Whatever weather baby, I'm yours. Be your forever, be your fling. Baby, I will be your everything."

"Nice one, Cedric," anang isang babae.

It was Verna.

"Hey,"

"I was right. One day you'll change your mind. Sayang nga lang at hindi ako ang babaeng 'yon."

Hindi iyon ang unang pagkakataon na nakita ni Irene si Verna. She must admit na napakaganda nito. She's just wondering kung naging ex ba ito ni Cedric.

"Congratulations, girl," sabi pa nito sa kanya at tumalikod na.

"Naging kayo ba noon?"

"Never. Nasabi ko na ba sa'yong ikaw ang first girlfriend ko at magiging panghuli?"

"Hindi," amused niyang sagot.

"Bakit mo naman natanong? Hindi ka naman siguro nagseselos, 'di ba?"

"Siyempre, hindi. Tingin ko lang kasi gusto ka niya,eh."

"Verna is just a good friend. Siguro naiinggit lang 'yon."

"Ang ganda ng kanta," pag-iiba na lang ni Irene.

"It is indeed. I told you I would be your everything, remember?"

"Yes,"

"Dati takot kami ni Ziggy na matali sa isang commitment at sa kasal kaya nagloloakohan kami kung sino daw ba ang susunod kay Kuya na magpakasal. Pero ngayong nandito ka na, I don't care anymore. Kung pwede nga lang na pakasal na tayo ngayon na mismo."

"Alam mong kahit kailan at saan handa akong magpakasal sa'yo," sabi naman niya.

He lowered his face hanggang sa magdikit ang mga noo nila at nanatili lang silang ganoon.

"Excuse me, Cedric Montreal," singit naman ni Ziggy na kasayaw si Ether.

"What?"

"I think you're right."

"Right about what?"

"After your brother I'm next."

"Mali ako, ikaw ang tama. After my brother, I'm next," sabi naman ni Ceddie.

"Hindi, seryoso ako. Ako nga siguro ang susunod na magpapakasal pagkatapos ni Raffy."

"Mas seryoso ako, Ziggy. Matagal ko na rin kasing pinag-isipan 'to alam mo."

"Me either. At wala akong planong magbago ng isip."

"Lalo na 'ko."

Sino'ng mag-aakala na ang dalawang dating nagtuturuan sa kung sino ang susunod na magpapakasal ngayon ay nag-aakuan na.

"Ceddie, sa 'ting dalawa mas matanda ako."

"Ziggy, the age won't tell."

"Mag-double wedding na lang tayo!" panabay na sabi naman nina Irene at Ether.

"Attention everyone!" anang boses ng emcee na umalingawngaw sa buong reception. "All the ladies here please all gather. The bride is going to throw her bouquet now!"

Hinawakan ni Cedric ang mga kamay ni Irene.

"You go. Please do your best to catch the bouquet," at tumingin ito kay Ziggy.

"Ether will get it. Right, Babe?" sabi naman nito.

"Kailan mo pa 'ko tinawag na babe?" ani Ether.

Natatawang nakisali sina Irene at Ether sa mga naggagandahang dilag para masalo ang bouquet ayon na rin sa tradition.

She doesn't mind kung si Ether ang makasalo. She found out that Ether is already pregnant with Ziggy's child.

"Ready, girls!" si Jasmine. "One, two, three!"

Sabay-sabay na nilingon nila ang kinabagsakan ng bouquet. Neither Irene nor Ether caught it.

"Congratulations, Leanne!" bati naman ni Jasmine sa isang nanlaki ang mga mata.

-WAKAS-